







# Pangangalaga sa mga Nangangailangan

## BUOD PARA SA 2023

*ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*









# Mga Nilalaman


**3** Mensahe mula sa Unang Panguluhan

**4** Ang Aming Tapat na Pangakong Mangalaga

**5** Paglilingkod sa Inyong Komunidad

**6** Ang Pandaigdigang Pag-unlad ay Nagsisimula sa Kababaihan at mga Bata

**8** Mga Miyembro ng Simbahan na Kumikilos

**10** Mga Missionary na Naglilingkod sa Iba

**12** JustServe

**MGA PANDAIGDIGANG INISYATIBO**

**14** Buod ng mga Pagsisikap

**16** Emergency Relief

**18** Malinis na Tubig at Sanitasyon

**19** Edukasyon

**20** Trabaho

**22** Pangangasiwa sa Kapaligiran

**23** Pangangalaga sa Kalusugan at Kadaliang Kumilos

**24** Pagpapakain sa Nagugutom

**26** Suporta sa Pabahay

**27** Kalusugan ng Pag-iisip

**28** Pag-asa sa Sarili

**PANDAIGDIGANG TULONG**

**30** Africa

**32** Asia

**34** Australia, Philippines, at ang Pacific

**35** The Caribbean

**36** Central America at South America

**38** Europe

**39** The Middle East

**40** North America

**SALAMAT PO**

**RESOURCES**


*Pabalat (paikot sa kanan mula sa itaas): Tinutulungan ng isang binatilyo ang mga bata sa homework nila; Isang mag-ina sa Hong Kong; Tumanggap ng pangangalaga sa paningin ang isang pamilya sa India; Nakangiti ang isang dalagita sa paglubog ng araw; Nilinis ng mga miyembro ng Simbahan sa Guam ang komunidad pagkaraan ng Typhoon Mawar; Nakaupo ang isang bata sa Yemen sa ibabaw ng donasyon na mga materyales para sa kanlungan, larawan sa kagandahang-loob ng ShelterBox; Nagsabuyan ng malinis na tubig ang mga bata, larawan sa kagandahang-loob ng WaterAid/Jerry Galea; Hawak ng isang ina ang kanyang anak sa isang nutrition screening, larawan sa kagandahang-loob ng World Food Programme.*

# Mensahe mula sa Unang Panguluhan



*Si Pangulong Russell M. Nelson kasama ang dalawa niyang tagapayo, sina Pangulong Dallin H. Oaks at Pangulong Henry B. Eyring.*

## Mahal na mga Kaibigan,

Noong nasa lupa si Jesucristo, nagbahagi Siya ng dalawang dakilang utos: ibigin ang Diyos at "ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili" (Mateo 22:39). Habang hinahangad naming ipakita ang aming pagmamahal sa Diyos, likas na bumabaling ang aming puso sa kapakanan ng iba. Si Cristo mismo ay nagpakita ng halimbawa ng pagmamahal sa ating kapwa nang pagalingin Niya ang maysakit, pakainin ang nagugutom, damitan ang hubad, at pangalagaan ang mahina.

Mapagpakumbaba naming ibinabahagi ang buod na ito ng aming mga pagsisikap na ipagpatuloy ang sagradong gawaing pangalagaan ang mga nangangailangan. Bagama't ang buod ay kinabibilangan ng resources at mga paglilingkod na ibinibigay para tulungan ang mga miyembro ng Simbahan, mas malaking bahagi pa ang nakalaan sa paglalarawan ng pagkakawanggawang ibinibigay sa lahat ng mga anak ng Diyos sa buong mundo. Bilang mga tagasunod ni Jesucristo, itinuturing namin ito na kapwa isang tungkulin at masayang pribilehiyo. Pinasasalamatan namin ang di-makasariling mga pag-aambag ng oras at kabuhayan mula sa mga miyembro ng Simbahan, mga kaibigan, at iba pang pinagkakatiwalaang mga organisasyon na tumutulong para umusad at lumawak ang gawaing ito.

Nananalig at nagtitiwala kami sa pagmamahal ng Diyos para sa lahat ng Kanyang mga anak. May mabubuting tao sa lahat ng dako na tumutulong na maisagawa ang gawain ng kaligtasan ng Diyos habang pinangangalagaan nila ang kanilang kapwa at inaalo sila sa oras ng kanilang pangangailangan. Inaanyayahan namin ang lahat na makiisa sa amin sa pagtulong nang may pagmamahal at paglilingkod sa isa't isa, at dalangin namin na patuloy na pagpalain ng Panginoon ang dakilang gawaing ito.

*Ang Unang Panguluhan*







*Ang mga indibiduwal sa Ifo Refugee Camp sa Kenya ay nakatanggap ng tulong sa pamamagitan ng magkasanib na proyekto ng World Food Programme at ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.*

*"Nagpupugay ako sa mga tao na sa maliliit at personal na paraan ay humahayo at hinahanap ang mga taong iyon na binabalewala—mga taong nasasaktan, ang may mga pasakit na hindi maunawaan, ang nagugutom, ang nalulumbay, ang naaapi—at ginagawa ang lahat para pangalagaan sila."*

—ELDER PATRICK KEARON,
KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL[1]

# Ang Aming Tapat na Pangakong Mangalaga

Hangad ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na pangalagaan ang dumaraming bilang ng mga anak ng Diyos na nangangailangan. Ang pangangalagang ito ay nagmumula sa mga welfare at self-reliance effort, pagkakawanggawa, at boluntaryong paglilingkod.

## Mga Welfare at Self-Reliance Effort

Ang mga welfare at self-reliance effort ay pinakikinabangan una sa lahat ng mga miyembro ng Simbahan at kinabibilangan ng suporta mula sa fast offering, mga pag-order ng pagkain, mga programang pang-edukasyon, mga serbisyo sa paghahanap ng trabaho, emosyonal na suportang pangkalusugan, at iba pa.

## Mga Pagsisikap na Magkawanggawa

Ang pinakamalaking paglago sa gawain ng Simbahan na pangalagaan ang mga nangangailangan ay nagaganap sa pamamagitan ng pagkakawanggawa. Sa pamamagitan ng pagpopondo at mga kalakal, sinusuportahan ng Simbahan ang libu-libong proyektong pangkawanggawa. Ang mga proyektong ito ay pinakikinabangan ng milyun-milyong mga anak ng Diyos sa buong mundo, anuman ang lahi, nasyonalidad, o relihiyong kinabibilangan.

## Boluntaryong Paglilingkod

Ang mahabaging paglilingkod ng mga miyembro at kaibigan ng Simbahan ay mahalagang bahagi ng mga pagsisikap sa welfare, self-reliance, at pagkakawanggawa. Tinutulungan din ng boluntaryong paglilingkod ang mga tao sa sarili nating komunidad na maaaring nangangailangan. Handa ang mga miyembro ng Simbahan na "magpasan ng pasanin ng isa't isa; … makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati, … at aluin ang mga yaong nangangailangan ng pag-alo" (Mosias 18:8–9). Mahalagang bahagi ito ng pagtulong sa atin na maging higit na katulad ni Jesucristo.





*Kaliwa:* Naglingkod ang mga kabataang babae sa Argentina sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang kapitbahay na bumili ng mga grocery. *Kanan:* Magkakasamang inalagaan ng kababaihan sa Japan ang isang halamanan.

# Paglilingkod sa Inyong Komunidad

Sa Mosias 2:17, nalaman natin na "kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos." Mas naisasakatuparan natin ang matatayog na mithiing paglingkuran ang ating kapwa at paglingkuran ang Diyos kapag sinusunod natin ang mga pangunahing alituntunin ng pangangalaga sa mga nangangailangan.

Bagama't maraming taong nangangailangan sa iba't ibang panig ng mundo, nangyayari ang pinakaepektibo at pangmatagalang pagbabago kapag bumubuo tayo ng sarili nating pamilya, distrito, at komunidad. Kapag naglilingkod sa anumang kapasidad, isipin ang sumusunod na mga alituntunin:

## 1. Tumukoy ng Isang Pangangailangan

Bawat komunidad ay may mga taong nangangailangan.

- Magtanong sa iyong mga kapitbahay at lider ng Simbahan tungkol sa mga oportunidad na maglingkod na alam nila.
- Alamin kung may mga nonprofit organization sa inyong lugar. Kung mayroon, gamitin ang JustServe.org para makahanap ng mga proyekto at nonprofit sa inyong lugar.

## 2. Bumuo ng Makabuluhang mga Relasyon

Ang pinakaepektibong paglilingkod ay kadalasang bunga ng pakikipagtulungan sa iba na ang pinagmulan o relihiyon ay naiiba sa iyo. Tandaan na lahat ng pinaglilingkuran mo ay anak ng Diyos na nararapat pakitunguhan nang may pag-unawa, pagmamahal, at paggalang—anuman ang kanilang sitwasyon.

- Unahin ang tao, hindi ang proyekto.
- Pagdudahan ang iyong mga palagay, isantabi ang mga maling opinyon, at hangaring tunay na maunawaan ang mga sagabal na kinakaharap ng mga taong hangad mong tulungan.
- Ipakita ang iyong mga paniniwala sa pamamagitan ng iyong mga *kilos*, na inaalala na ang pangunahing mithiin ay tumulong sa iba. Ipakita ito sa iyong mabubuting gawa!

## 3. Magplano

Magplano ng mga solusyon na kapwa tumutugon sa agarang mga pangangailangan at naglalaan ng landas tungo sa self-reliance. Anyayahan ang mga taong iyong pinaglilingkuran na makilahok sa pagbuo ng mga solusyon sa pamamagitan ng pagtatanong na tulad nito:

- *Ano na ang nasubukan mong gawin para matugunan ang pangangailangang ito?*
- *Ano ang gusto mong subukan?*
- *Paano, kailan, at saan mo gustong makatanggap ng tulong?*

## 4: Ibahagi ang Iyong mga Karanasan

Mahihikayat mo ang iba na kumilos sa pamamagitan ng pagbabahagi kung paano nakaimpluwensya sa iyong sarili at sa iba ang iyong paglilingkod.

- Araw-araw na makipag-usap para ikuwento sa iba ang kagalakan ng paglilingkod. Anyayahan ang isang tao na sumama sa iyo.
- Sa social media, magbahagi ng mga halimbawa kung paano napagpala ng iyong mga pagsisikap na magkawanggawa ang iyong buhay at ang buhay ng mga napaglingkuran mo.
- I-follow ang mga nonprofit organization na sinusuportahan mo, at i-tag ang mga ito sa sarili mong mga kuwento ng paglilingkod.




*Mga ina na yakap ang kanilang mga anak.*

**921 proyektong pangkawanggawa na nakatuon sa kababaihan at mga bata**

**114 na mga bansang natulungan ng mga proyektong nakatuon sa kababaihan at mga bata**

*"Nais naming bigyan ng kakayahan ang mga pamilya … Taglay ang mas malaking pag-unawa at resources, mas makakayanan ng [mapagmahal na mga magulang] na gumawa ng mga pagbabago na maaaring magkaroon ng pangmatagalang epekto."*

—PANGULONG CAMILLE N. JOHNSON, RELIEF SOCIETY GENERAL PRESIDENT[2]

# Ang Pandaigdigang Pag-unlad ay Nagsisimula sa Kababaihan at mga Bata

Naniniwala ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa pagsunod sa dalawang dakilang utos ng Tagapagligtas: mahalin ang Diyos at mahalin ang ating kapwa. Bilang bahagi ng utos na ito, sinisikap nating lubus-lubusin ang ating epekto upang mapagpala ng ating mga pagsisikap hindi lamang ang mga taong tumatanggap ng tulong kundi maging ang kanilang pamilya at komunidad.

Sa pagkakaroon ng pattern na ito, kinikilala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang malaking kahalagahan na unahin ang pangangalaga sa kababaihan at mga bata sa buong mundo. Sa pagtulong sa isang babae, binibigyan natin siya ng mga kakayahang mapagpala ang buhay ng kanyang mga anak at komunidad bilang kapalit. Sa pagbibigay ng prayoridad sa pangangalaga sa mga bata, namumuhunan tayo sa hinaharap. At kapag isinali natin ang kalalakihan at mga ama sa gawaing ito, napapatatag natin ang lahat ng pamilya at komunidad.

## Nutrisyon ng mga Bata

Noong 2023, inuna ng Simbahan ang nutrisyon para sa mga bata na iba-iba ang pinagmulan, bukas-palad na nag-abuloy sa pinagkakatiwalaang mga organisasyon, kabilang na ang CARE, Helen Keller International, Catholic Relief Services, Save the Children, The Hunger Project, UNICEF, at World Food Programme. Nakatulong ang suportang ito na magkaroon ng access ang daan-daang libong mga bata at ina sa buong mundo sa masustansyang pagkain, mga pagbabakuna, at iba pang mga uri ng pangangalaga sa kalusugan.

Bukod pa sa mga donasyong ito, pinangasiwaan ng Simbahan ang sarili nitong programa sa nutrisyon, na naglalayon na tulungan ang mga anak ng mga miyembro ng Simbahan na nanganganib sa malnutrisyon habang bata pa. Tumulong din ang Simbahan sa pagtatayo ng mga halamanan sa komunidad at nag-donate ng kagamitan para tumulong sa mga nutrition screening para sa mga bata sa ilang lugar sa buong mundo.






*Tumanggap ng pangangalaga ang isang mag-ina sa isang refugee camp sa Kenya. Larawan sa kagandahang-loob ng World Food Programme.*

## Pangangalaga sa mga Ina at Bagong Silang na Sanggol

Noong 2023, sinikap ng Simbahan na bawasan ang bilang ng mga ina at sanggol na namamatay at mas mapangalagaan ang mga ina at kanilang mga sanggol. Sa pakikipagtulungan sa UNICEF, nakapaglaan ang Simbahan ng pinagandang imprastrakturang pangkalusugan at mga pagbabakuna para sa mga ina at anak sa Central African Republic, Haiti, Mali, at Mozambique.

Sa Ghana, Pilipinas, at iba pang mga lugar sa buong mundo, nag-donate ng neonatal equipment ang Simbahan para tulungan ang mga doktor sa pangangalaga sa mga bagong silang na sanggol na nasa kritikal na pangangalaga. Sa Estados Unidos, nakipagtulungan din ang Simbahan sa National Association for the Advancement of Colored People (NAACP) para mapondohan at mapadali ang MyBaby4Me program, na tumulong sa mga buntis na ina na matuto kung paano pangalagaan ang kanilang mga sanggol.

Ang mga pagsisikap na ito ay nakatulong na mabawasan ang bilang ng mga inang namamatay, mabawasan ang peligro ng pangmatagalang mga kumplikasyon sa kalusugan, at mapapataas ang mga tiyansang mabuhay ang mga sanggol sa buong mundo na isinilang nang wala sa panahon at kritikal ang karamdaman.

## Edukasyon

Sa buong 2023, patuloy na binigyan ng Simbahan ng mataas na prayoridad ang pagpapahusay ng edukasyon para sa kababaihan at mga bata na iba-iba ang pinagmulan sa buong mundo.

Bukod sa iba pang mga pagsisikap, nakipagtulungan ang Simbahan sa Caritas sa Arequipa, Peru, para mapalawak ang self-reliance ng kababaihan na namumuno sa kanilang mga sambahayan. Sa pamamagitan ng proyektong ito, tumanggap ng vocational training ang kababaihan na naging daan para magkaroon sila ng mga bagong kasanayan at mas matustusan ang kailangan ng kanilang pamilya. Pinadali rin ng Simbahan ang mga renobasyon sa silid-aralan at nag-donate ng mga kagamitan para mapadali ang pag-access sa edukasyon para sa mga bata sa buong mundo.

## Mga Oportunidad na Maglingkod

Ang isa pang paraan kung saan hangad ng Simbahan na dagdagan ang tungkulin ng kababaihan sa kanilang komunidad ay sa pamamagitan ng paglalaan ng mga oportunidad na makapaglingkod ang kababaihan. Isinasakatuparan ito una sa lahat sa pamamagitan ng Relief Society—ang organisasyon ng kababaihan sa Simbahan—na itinatag na may atas na pangalagaan ang mga indibiduwal at pamilyang nangangailangan. Kasama ang mga miyembro sa mga kongregasyon sa buong mundo, may natatanging katungkulan ang Relief Society na mag-organisa ng mga pangunahing pagsisikap sa mga lokal na komunidad. Nagbibigay ito ng mas maraming oportunidad sa kababaihan para makipagtulungan sa mga lokal na organisasyon at sa kababaihan na iba ang relihiyon para gawin ang pinakamabuti para sa mga nangangailangan.

## Pagpapatatag ng mga Pamilya at ng Komunidad

Kasali ang buong pamilya sa pagpapabuti ng kalusugan at kapakanan ng mga bata. Bawat pagsisikap na patatagin ang mga pamilya at pagkakaroon ng pag-asa sa sarili ay may mabuting epekto sa buhay ng mga bata at, kaugnay nito, sa hinaharap ng ating komunidad. Noong 2023, nagsagawa ang Simbahan ng libu-libong proyektong pangkawanggawa, naglaan ng resources at mga programa sa pag-aaral, at isinali ang mga miyembro nito sa buong mundo sa gawaing pangalagaan ang mga nangangailangan—lahat ay may layuning pasiglahin at palakasin hindi lamang ang mga miyembro ng Simbahan kundi lahat ng mga anak ng Diyos. Sa pagbibigay ng tulong na ito para sa mga magulang at tagapag-alaga, umaasa kami na mas makakayanan ng mga pamilya na ibigay ang pangangalagang kailangan ng mga bata para mabuhay.





*Nilinis ng mga miyembro ng Simbahan sa Guam ang komunidad pagkaraan ng Typhoon Mawar.*

Naniniwala ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa pagsunod sa dalawang dakilang utos ng Tagapagligtas: mahalin ang Diyos at mahalin ang ating kapwa. Ipinapakita ng mga miyembro ang kanilang pagmamahal sa pamamagitan ng ministering.

Ang ibig sabihin ng ministering ay pag-alam at pagtulong sa mga pangangailangan ng isang tao. Bukod pa sa ministering sa mga tao sa ating mga lokal na kongregasyon, mapanalangin tayong naghahanap ng mga pagkakataong paglingkuran ang mga hindi natin kasapi sa pamamagitan ng mga proyekto sa komunidad at iba pang mga inisyatibo.

Sinisikap nating tularan ang halimbawa ni Jesucristo sa pangangalaga sa mga nangangailangan—saan mang lugar, anuman ang lahi, nasyonalidad, kasarian, relihiyon, o kaugnayan sa pulitika—nang walang inaasahang kapalit.

# Mga Miyembro ng Simbahan na Kumikilos

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa gawain ng pangangalaga sa mga nangangailangan. Bilang bahagi ng aming tipan na mahalin ang Diyos at mahalin ang aming kapwa, nag-aayuno ang mga miyembro ng Simbahan nang isang araw bawat buwan at bukas-palad na idino-donate ang halaga ng pagkaing hindi kinain para pakinabangan ng iba pang mga indibiduwal at pamilya sa loob ng Simbahan na nangangailangan.

Bukod pa rito, naglilingkod ang mga miyembro ng Simbahan sa kanilang mga kapitbahay at komunidad, naghahandog ng kanilang oras, mga talento, habag, materyal, at pera bilang bahagi ng resources sa “kamalig ng Panginoon” para tulungan ang Kanyang mga anak.

## Emergency Relief

Kapag dumarating ang mga kalamidad, madalas mag-donate ng oras at lakas ang mga miyembro ng Simbahan para tulungan ang mga naapektuhan—anuman ang kanilang pinagmulan o paniniwala. Sa New Zealand, halimbawa, nakipagtulungan ang mga miyembro at missionary sa mga kapitbahay, komunidad, at grupo ng pamahalaan para maglinis ng kapaligirang naapektuhan ng Hurricane Gabrielle. Sa South Korea, mabilis na nag-alok ng tulong ang mga miyembro ng Simbahan nang magdulot ng malaking pinsala ang pagbaha sa North Chungcheong Province. Nagtulungan ang mga boluntaryong adult at kabataan para linisin ang mga nasirang kasangkapan sa mga tahanan at linisin ang mga kalat.

## Relief Society

Malaking tulong ang kababaihan ng Simbahan sa kabutihan sa mundo noong 2023. Sa West Africa, pinangasiwaan ng kababaihan ng Relief Society ang isang joint environmental cleanup project kasama ng “Dynamic Sisters,” isang grupo ng kababaihang Muslim sa Gambia. At nangalap ng pagkain, tubig, toilet paper, at damit ang mga miyembro ng Relief Society sa Peru para sa mga naapektuhan ng mapaminsalang mga baha sa Lima.



*Nagboluntaryo ng kanilang oras ang mga kabataang lalaki, na nag-aayos ng mga donasyon sa kanilang lokal na Deseret Industries store.*

## Mga Young Adult

Malaki ang kakayahan ng mga young adult sa Simbahan na maglaan ng mahabaging paglilingkod sa mga nangangailangan. Sa Utah, halimbawa, libu-libong young adult ang nagtipon para magsaayos ng mga meal kit para sa Million Meals project. Sa kanilang tapat na paglilingkod, nag-ambag ang mga young adult na ito sa mithiin ng Utah Food Bank na magbalot ng isang milyong pagkain para pakainin ang mga batang nagugutom.

Sa Berlin, mahigit 700 mga miyembrong young adult at mga kaibigan ng Simbahan ang nagtipon para sa isang Europe-wide service conference upang suportahan ang 2023 Special Olympics. Nagboluntaryo sila ng kanilang oras sa buong maghapon na tumutulong sa pagpapatakbo ng sporting event na ito para sa mga may kapansanan.

## Mga Bata at Kabataan

Ang paglilingkod ay isang nagkakaisang puwersa para sa mga bata at kabataan sa loob ng Simbahan. Sa Panama, halimbawa, binisita ng mga miyembro ng Primary program ng Simbahan ang SOS Children's Village. Nakipaglaro sila sa mga bata sa pasilidad at nagbahagi ng mga mensahe ng kapayapaan at pag-asa. Gayundin, ginamit ni Marielle, isang tinedyer na miyembro ng Simbahan sa Hawaii, ang kanyang platform bilang Miss Teen Philippines Hawaii para mangalap ng mga school supply para sa mahigit 100 mga estudyante na nangangailangan.

Sa Estados Unidos, tumulong ang mga kabataan ng Simbahan sa pagbuo ng mga samahan para magsagawa ng paglilingkod sa kanilang mga komunidad. Pinasimulan nina Dallas at Tiernan ang isang gayong samahan sa kanilang paaralan sa Colorado, na umakit sa maraming tinedyer na miyembro ng iba't ibang relihiyon. Bukod sa iba pang mga proyekto noong 2023, tumulong ang samahan na mag-alaga ng isang halamanan sa komunidad, gumawa ng mga kumot para sa mga pasyenteng may nakamamatay na sakit, at tumulong sa mga indibiduwal na maghanap ng kanlungan sa kanilang komunidad.

*"Tumingin sa paligid mo. Saan ka maaaring mag-ambag? Saan ka maaaring magmahal? Saan ka maaaring maglingkod? Dahil inilagay ka Niya roon sa isang kadahilanan, at mayroon kang misyon at layunin doon."*

—SISTER KRISTIN M. YEE, PANGALAWANG TAGAPAYO SA RELIEF SOCIETY GENERAL PRESIDENCY[3]

# Mga Missionary na Naglilingkod sa Iba

## Mga Inisyatibo sa Paglilingkod

Sa kanilang mga misyon, ang mga missionary ay may mga oportunidad na maglingkod sa iba't ibang tungkulin. Ang mga Employment Services missionary, halimbawa, ay tumutulong sa mga indibiduwal sa loob ng Simbahan na maghanda at makahanap ng mga oportunidad na makapagtrabaho. Maaaring maglingkod ang mga missionary sa mga orchard at sakahan na pag-aari ng Simbahan, sa mga bishops' storehouse, at sa mga opisina ng Transitional Services. Naglilingkod din ang ilang missionary sa isang kapasidad sa pagkakawanggawa, na nangangasiwa sa mga proyekto at naglilingkod sa mga lokal na nonprofit na organisasyon.

## Tulong sa Kalamidad

Taun-taon, milyun-milyong tao ang naaapektuhan ng mga kalamidad at emergency. Madalas pakiusapan ang mga missionary na mag-alok ng tulong sa mga di-inaasahang kaganapang ito. Tumutulong silang ipanumbalik ang pag-asa sa pamamagitan ng kanilang bukas-palad na paglilingkod sa sinumang maaaring naapektuhan.

Sa Ecuador, halimbawa, naglakbay ang mga missionary nang hanggang tatlong oras para tulungan ang mga nagdurusa matapos maapektuhan ng matinding pagbaha ang lalawigan ng Esmeraldas. Tumulong silang palahin ang putik sa mga lansangan at tahanan at ari-arian na napinsala ng bagyo.

Sa Guam, nakiisa ang mga missionary sa iba pang mga boluntaryo para tulungan ang komunidad matapos ang malalakas na hangin at ulan mula sa Typhoon Mawar na sumira sa mga bahay at negosyo sa lugar. Tumulong silang linisin ang mga kalat, kumpunihin ang nasirang mga bubong, alisin ang mga punong nabunot, mamahagi ng malinis na tubig, at pangasiwaan ang mga pagsisikap na makatulong. Tumulong din silang mamigay ng malinis na damit, dahil maraming nawalan ng kanilang mga personal na gamit dahil sa kalamidad.

## Paglilingkod sa Komunidad

Nagboboluntaryo rin ang mga missionary ng kanilang oras at pagsisikap para tulungan ang mga komunidad kung saan sila nagtuturo, naglilingkod, at nakatira. Ang mga pagsisikap na ito ay tumutulong na pangalagaan ang mga nangangailangan at patatagin ang mga komunidad sa iba't ibang paraan. Halimbawa, sa Washington, D.C., nagbigay ng tulong ang mga full-time missionary sa Smithsonian Folklife Festival. Nakatulong ang paglilingkod na ito na turuan ang komunidad tungkol sa mga kasalukuyang tradisyong pangkultura, na pinagsasama-sama ang mga tao na iba't iba ang relihiyon at pinagmulan.

Sa Panama, nakitipon ang mga missionary sa iba pang mga boluntaryo para sa isang araw ng paglilingkod, sa paglilinis ng mga baybayin, pangongolekta ng pagkain at iba pang mga kailangan, paghahatid ng mga personal hygiene kit, at paglilingkod sa isang tahanan para sa matatanda.

Naglingkod si Elder Dean sa kanyang komunidad sa pamamagitan ng pagmentena sa pasilidad sa Blind Center of Nevada. Sabi ni Elder Dean. "Sa buong buhay ko, nais kong … ilaan ito sa pagtulong sa iba, hindi lamang sa pag-aalaga sa sarili ko."[5]

Bagama't maraming miyembro ng Simbahan ang naglilingkod sa kanilang mga lokal na komunidad, pinipili ng ilan na maglaan ng mas marami pang oras sa pagkakawanggawa. Maraming senior couple at young adult ang gumaganap bilang part-time service missionary, kung saan sila nag-oorganisa at nakikibahagi sa mga proyekto para pangalagaan ang mga nangangailangan sa loob ng kanilang komunidad.

Ang mga mag-asawa ay maaaring piliing maglingkod bilang mga full-time welfare at self-reliance missionary. Ang mga mag-asawang ito ay naglalaan ng kanilang oras sa pangangasiwa sa mga proyektong pangkawanggawa sa lugar na nakatalaga sa kanila.

Ang mga full-time proselytizing missionary ay nakikilahok sa mga proyektong paglilingkod bilang bahagi ng kanilang ministeryo—na hiwalay sa kanilang gawaing magturo tungkol sa Tagapagligtas. Tumutulong ang mga missionary na ito sa mga inisyatibo sa pagtugon kapag nagkaroon ng mga emergency.

*"Ang mga tawag na maglingkod sa Panginoon at sa isa't isa … ay nagbibigay ng pagkakataon na madagdagan ang pagkahabag, kakayahan, at kababaang-loob."*

—ELDER GERRIT W. GONG, KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL[4]











*__Itaas:__ Tinulungan ng mga sister missionary sa France ang isang babae na mag-impake at magbuhat ng mga kahon. __Kaliwa:__ Naglingkod ang isang service missionary sa Global Distribution Center ng Simbahan. __Kanang itaas:__ Namuno ang mga senior sister missionary sa isang 12-hakbang na programa kasama ang mga babaeng bilanggo. __Kanan sa ibaba:__ Naglingkod ang isang senior missionary sa pamamagitan ng pagtulong sa landscaping sa labas ng makasaysayang lugar ng Simbahan sa Utah.*

**Mayroong JustServe sa 17 bansa**

**2,037 na mga bagong organisasyon ang idinagdag sa JustServe noong 2023**

## ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Alamin kung aling mga organisasyon ang nangangailangan ng tulong sa inyong komunidad.
- Tingnan kung may JustServe sa inyong lugar.
- Bisitahin ang JustServe.org, magrehistro, at sumali sa kilusan!

*"Ang JustServe … ay isang kilusan at isang paraan para matupad natin ang ating mga tipan … [at] mapagpala at mapalakas [ang] komunidad."*

—BISHOP GÉRALD CAUSSÉ, PRESIDING BISHOP[6]

# JustServe

Ang JustServe ay isang kilusan para magkaroon ng kapayapaan, pagmamahal, at pagkakaisa sa ating mga komunidad. Iniuugnay nito ang mga indibiduwal at grupo sa mga lokal na proyekto, na nagtataguyod ng positibong epekto at pagkakaisa habang nagbibigay ng pag-asa sa pamamagitan ng ibinahaging mga gawa ng kabutihan. Pinangangasiwaan ng JustServe ang pakikipagtulungan sa iba't ibang organisasyon, paaralan, at mga komunidad na iba't iba ang relihiyon para makagawa ng makabuluhang kaibhan at maipadama ang diwa ng paglilingkod.

## Maglingkod, Anuman ang Iyong Edad

Nang mapansin ni Evan (10) na wala nang jam sa kanyang lokal na food bank, kumilos siya. Sa tulong ng kanyang ina, gumawa siya ng video na humihingi ng mga donasyon ng mga jam at jelly mula sa mga kaibigan at kapamilya, na mabilis na kumalat sa social media. Sumali rin ang mga kaklase ni Evan, na nag-organisa ng paligsahan para makita kung aling klase ang makakakalap ng pinakamaraming garapon. Napakaraming tumugon, na kalaunan ay nakatipon ng 702 mga garapon. Ipinapakita ng kuwento ni Evan na maaaring magkaroon ng malaking epekto ang isang tao—anuman ang kanyang edad.

## Maglingkod Kahit Saan

Nang magkaroon ng wildfire sa Alberta noong Mayo, ginamit ng mga miyembro ng komunidad ang JustServe para makipagtulungan sa mga lokal na lider at opisyal sa pagsuporta sa inilikas na mga residente. Tumulong si Sarah, ang JustServe specialist sa Central Alberta, na padaliin ang komunikasyon at koordinasyon sa pamamagitan ng isang dedikadong wildfire recovery page sa JustServe.org. Dahil dito, natanggap ng mga apektadong residente ang suportang kailangan nila—kahit marami sa mga donasyon ang nagmula sa mga tao sa labas ng kanilang komunidad.

## Maglingkod sa Iyong Kapwa

Dahil nakapaglakbay na ang Maternal Outcomes Matter Showers (MOMS) tour sa buong Estados Unidos noong 2023, nagamit ng mga boluntaryo ang plataporma ng JustServe para pangasiwaan ang mga pagsisikap ng mga boluntaryo. Habang nakikipagtulungan sa mga lokal na organisasyong tulad ng A Chance to Learn at CocoLife.Black, tumulong ang mga boluntaryo ng JustServe sa iba't ibang lungsod para magdaos ng "mga baby shower" para sa mga buntis na ina sa mga komunidad sa looban ng lungsod. Dahil dito, nasiyahan ang mga inang ito na mas maka-access sa lokal na resources, at nagiging mas mabuti naman ang kinalalabasan ng ina at ng sanggol.





***Kaliwa:*** *Lumahok ang kababaihang iba't iba ang relihiyon sa isang proyekto ng JustServe sa kanilang komunidad.* ***Kanan:*** *Kinolekta ni Evan at ng kanyang kaklase ang na-donate na mga garapon ng jam at jelly sa paaralan.*



*Tumanggap ng edukasyon ang mga bata sa loob ng isang Liberian refugee camp sa Ghana. Larawan sa kagandahang-loob ng Matthew Cares Foundation School.*

# Mga Pandaigdigang Inisyatibo

"Kapag abala tayo sa paglilingkod sa iba, hindi natin gaanong naiisip ang ating sarili, at mas mabilis na sumasaatin ang Espiritu Santo at tinutulungan tayo sa habambuhay nating pagsisikap na [maigawad] sa atin ang kaloob na pag-ibig sa kapwa-tao."

—PANGULONG HENRY B. EYRING,
PANGALAWANG TAGAPAYO SA UNANG PANGULUHAN[7]

# Buod ng mga Pagsisikap noong 2023

**4,119**
MGA PROYEKTONG PANGKAWANGGAWA NOONG 2023

**$1.36 na bilyon**
ANG NAGASTOS

**6.2 milyon**
DAMI NG ORAS NA IBINOLUNTARYO

**191**
MGA BANSA AT TERITORYONG PINAGLINGKURAN

## KABILANG SA MGA GASTUSIN ANG

*Mga Tulong na Ibinibigay sa Lahat*

- Mga pandaigdigang proyektong pangkawanggawa
- Mga donasyong pagkain at iba pang mga kalakal

*Tulong na Primaryang Ibinibigay sa mga Miyembro ng Simbahan*

- Fast-offering assistance
- Mga order ng mga bishop para sa mga kalakal
- Mga serbisyo mula sa mga welfare at self-reliance operation

## KABILANG SA MGA ORAS NG PAGLILINGKOD ANG

- Ang pagboboluntaryo sa mga welfare and self-reliance facility (mga bishops' storehouse, cannery, sakahan, orchard, employment center, atbp.)
- Mga misyon na pangalagaan ang mga nangangailangan sa maraming bansa
- Mga service project sa komunidad na itinataguyod ng Simbahan, kabilang na ang paglilinis pagkaraan ng mga kalamidad.

"Ang mga numerong [ito], mangyari pa, ay isang di-kumpletong ulat ng pagbibigay at pagtulong namin. Hindi kabilang doon ang personal na paglilingkod na indibiduwal na ibinibigay ng aming mga miyembro habang naglilingkod sila sa isa't isa sa ibinigay na mga katungkulan nila at sa boluntaryong paglilingkod nang miyembro-sa-miyembro. At hindi binabanggit sa aming [buod] kung ano ang indibiduwal na ginagawa ng aming mga miyembro sa pamamagitan ng napakaraming organisasyong pangkawanggawa na walang pormal na kaugnayan sa aming Simbahan."

—PANGULONG DALLIN H. OAKS,
UNANG TAGAPAYO SA UNANG PANGULUHAN[8]

# 2023 sa Isang Sulyap

## PANGANGALAGA SA MGA NANGANGAILANGAN

*Paglilingkod ng mga Miyembro at Missionary*

**7,959,670**

Mga miyembro ng Relief Society sa buong mundo

**11,368**

Mga welfare and self-reliance missionary

## JUSTSERVE

*Platform ng Paglilingkod sa Komunidad*

**119,461**

Mga bagong JustServe user na nagrehistro

**17,502**

Mga bagong JustServe project na nalikha

## PANDAIGDIGANG TULONG

*Mga Inisyatibo sa Pagkakawanggawa sa Buong Mundo*

**206**

Malinis na tubig, hygiene, at mga proyekto sa sanitasyon

**415**

Mga emergency relief project

**601**

Mga proyekto sa pangangalaga sa kalusugan

**64**

Mga mobility project

**530**

Mga food security project

## PAGKAKAROON NG PAG-ASA SA SARILI O SELF-RELIANCE

*Mga Programa at Serbisyo*

**530**

Mga proyekto sa edukasyon

**10,112**

Napaglingkurang mga kasamahan sa Deseret Industries

**2,926**

Mga miting sa addiction recovery bawat linggo

**110,019**

Mga kalahok sa grupo ng Self-reliance





*Kaliwa: Nagdala ang isang miyembro ng Simbahan sa Maui ng mga supply na na-donate para tumulong sa mga naapektuhan ng wildfire. Kanan: Nag-pick up ang mga boluntaryo ng mga supply para tumulong sa mga naapektuhan ng bagyo sa Florida.*

**415 emergency relief project**

**94 na bansang natulungan**

**113 emergency project sa pagtulong sa mga taong nawalan ng tirahan**

## ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Maging certified volunteer sa pamamagitan ng isang organisasyon na tumutulong sa mga sitwasyon sa pagtugon sa emergency.
- Maghanda para sa mga potensyal na emergency sa pamamagitan ng paglikha ng sarili mong personal na mga plano para sa emergency.
- Kontakin ang isang nonprofit na samahan na sumusuporta sa mga refugee sa inyong lugar para malaman kung paano ka makakatulong.

# Emergency Relief

Pagdating sa paglalaan ng ginhawa pagkaraan ng isang krisis, ang tuon kadalasan ay nakasentro sa pagtugon sa mga pisikal na pangangailangan ng mga naapektuhan. Gayunman, mahalagang huwag kalimutan ang mga emosyonal na hamon na maaaring nararanasan din nila. Hangad ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na maglaan kapwa ng pisikal at sikolohikal na tulong sa lahat ng maaaring naapektuhan ng isang emergency.

## Emosyonal at Sikolohikal na Tulong

Noong nakaraang taon, ang lugar ng Lahaina sa isla ng Maui ay napinsala ng mga wildfire, at nawalan ng tirahan ang karamihan sa mga residente. Dagdag pa sa paglalaan ng emergency shelter, nagpadala rin ang Simbahan ng mga Family Services counselor para maglaan ng psychological first aid sa mga miyembro ng Simbahan na naapektuhan ng kalamidad. Inalo ng mga counselor ang mga nawalan ng mga kapamilya o tahanan at nakasaksi sa pagdurusa ng iba.

Sa Ukraine, naglaan ng mga virtual emotional support seminar ang Family Services para sa mga indibiduwal na naapektuhan ng digmaan. Kasama sa mga paksa ang pagtuturo sa mga nakaligtas kung paano makaraos nang maayos at manatiling kalmado sa oras ng emergency. Naglaan din sila ng isang virtual forum tungkol sa post-traumatic stress disorder.

Nagsikap din ang Family Services na bigyan ng resources ang mga lider at miyembro ng Simbahan na tulad ng *Mga Tip para sa Emosyonal na Kahandaan* at *Pagiging Handa sa Pamamagitan ng Emosyonal na Katatagan*. Tinutulungan ng resources na ito ang mga indibiduwal na maging emosyonal na handa sa pagharap sa mga hamon ng buhay at sitwasyon sa emergency.







*Kaliwa:* Nakaupo ang isang batang nawalan ng tirahan sa Yemen sa ibabaw ng na-donate na mga materyales para sa kanlungan. Larawan sa kagandahang-loob ng ShelterBox. *Kanan:* Nag-high five ang mga boluntaryo habang nagtatanggal ng mga kalat matapos ang baha sa California.

## Pisikal na Tulong

Sa katimugang Türkiye at hilagang Syria, milyun-milyong tao ang naapektuhan ng sunud-sunod na mga lindol na sumira sa rehiyon. Mabilis na tumugon ang Simbahan, at nakipagtulungan sa maraming relief organization sa mga apektadong lugar. Tumulong ang Simbahan na magtayo ng daan-daang pansamantalang prefabricated na mga tirahan, gayundin ng limang mobile field hospital na may mga surgical unit para palitan ang nasirang mga medical facility.

Noong Mayo, libu-libong mga tao sa Malawi ang nawalan ng tirahan nang maapektuhan ng isang 36-na-araw na tropikal na bagyo (ang pinakamahaba sa nakatalang kasaysayan). Bukod pa sa paglalaan ng mga tolda, kumot, at suporta sa mga mobile clinic, kinanlong din ng Simbahan ang daan-daang miyembro ng komunidad na nawalan ng kanilang tahanan. Namigay ng pagkain ang mga miyembro ng Simbahan sa mga taong ito, nagsaayos ng paglalakbay para tulungan ang ilan na makasama ang mga kapamilya, at pinangalagaan ang iba hanggang sa makahanap sila ng angkop na tirahan.



*Nanirahan ang isang mag-ina sa isang pansamantalang kanlungan matapos wasakin ng baha ang kanilang tahanan at mga ari-arian sa Pakistan. Larawan sa kagandahang-loob ng Shelterbox.*

### Tulong-Pangkawanggawa sa Israel at Gaza

Ayon sa nakasaad na layunin nito na magbigay ng tulong-pangkawanggawa sa buong mundo, pati na sa mga lugar ng labanan, nakipagtulungan ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa maraming international relief agency sa Gaza at Israel para maglaan ng malaking pinansyal na resources para sa kritikal na pangangalaga sa kalusugan ng katawan at pag-iisip, bukod sa iba pang mga pangangailangan.

*"Sino ang ating kapwa? Lahat ay ating kapwa … Tinutulungan natin ang lahat, anuman ang kanilang sitwasyon, saanman sila nagmula, anuman ang lahi o relihiyon. Narito tayo para pagpalain ang lahat ng maaari nating pagpalain."*

—BISHOP W. CHRISTOPHER WADDELL,
UNANG TAGAPAYO SA PRESIDING BISHOPRIC[10]

# Malinis na Tubig at Sanitasyon

Bilang mahalagang prayoridad sa pagkakawanggawa, hangad ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na suportahan ang lahat ng nangangailangan ng access sa malinis na tubig, sanitasyon, at kalinisan (kilala rin bilang WASH). Para maisakatuparan ang gawaing ito, nakikipagtulungan ang Simbahan sa iba pang mga organisasyon at lokal na komunidad sa buong mundo para mas madaling maka-access sa mga serbisyong ito at mapalakas ang buong system, na tinitiyak na ang mga solusyon ay pangmatagalan at nagtataguyod ng pag-asa sa sarili.

## Masusuportahang Pamamahala sa Malinis na Tubig para sa Lahat

Sa Sierra Leone, nagtulungan ang Simbahan at ang WaterAid para mabigyan ng access ang libu-libong mga miyembro ng komunidad sa malinis na tubig. Dahil sa proyektong ito, may mas mainam na serbisyo ang mga residente sa sanitasyon at kaalaman tungkol sa mga gawing pangkalinisan. "Dahil sa training, nagawa kong itaguyod ang kalinisan kapag may regla para sa mga babae sa aking paaralan at regular ko ring sinusuri ang mga palikuran at bihisan para tiyakin na laging may tubig," sabi ni Hawa, isang health club facilitator sa isa sa mga paaralang naapektuhan ng proyektong ito.

## Mga Pagsisikap ng Komunidad para sa WASH

Noong 2023, nakipagtulungan ang Simbahan sa Water for People para tulungan ang mga komunidad sa Guatemala na maging malaya sa hayagang pagdumi. Sa pamamagitan ng proyektong ito, nagkaroon ng access ang mga miyembro ng komunidad sa matitibay na materyales para magtayo ng mga banyo ng pamilya na maaaring makayanan ang malulupit na kundisyon ng panahon sa lugar. Gayundin, sa Papua New Guinea at Liberia, nagtulungan ang Simbahan at ang WaterAid sa pag-install ng ligtas na mga gripo ng tubig para sa mga komunidad at paaralan. Kasama rin sa proyekto ang edukasyon para sa mga apektadong komunidad kung paano gamitin at ingatan ang mga gripo.

### ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Tukuyin ang mga pangangailangan sa malinis na tubig at sanitasyon sa inyong komunidad.
- Alamin ang pag-access sa malinis na tubig sa inyong lugar at kung paano ka makakatulong.

**112 proyekto sa malinis na tubig**

**94 na proyekto sa sanitasyon at kalinisan**

**Mga proyektong ipinatupad sa 73 bansa**

### Pagpapala sa Komunidad sa Pamamagitan ng Paglilingkod

Si Jorge, isang magsasaka mula sa Bolivia, ay noon pa gustong magtayo ng isang maayos na balon para magkaroon ng malinis na tubig sa kanyang komunidad. Sa tulong ng Water for People at ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, nagkatotoo rin sa wakas ang kanyang pangarap.

"Hindi kapani-paniwala na bubuksan na lang namin ngayon ang gripo at may tubig na," sabi ni Jorge. Dahil sa bagong balon na ito, iniulat ni Jorge na mas malinis at mas malaya nang pumasok ang mga bata sa paaralan. Mas marami na ring tubig ang mga magsasaka sa komunidad para diligan ang mga pananim. "Balang-araw mamamatay ako nang payapa," sabi niya, "dahil malalaman ko na may tubig ang lahat ng pamilya rito."[9]







*Kaliwa:* Naghuhugas ng kamay ang isang babae at batang babae. Larawan sa kagandahang-loob ng Water for People. *Kanan:* Tinutulungan ng isang babae ang kanyang apong babae na uminom ng malinis na tubig mula sa gripo sa Timor-Leste. Larawan sa kagandahang-loob ng WaterAid/Tariq Hawari.

# Edukasyon

Hangad ng Simbahan na dagdagan ang self-reliance sa pamamagitan ng paglikha ng mga oportunidad para sa mga tao sa buong mundo na matuto, umunlad, at maabot ang kanilang buong potensyal. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng edukasyon sa pagbabawas ng kahirapan, pagpapabuti ng kalusugan, at pagpapalakas ng mga lipunan. Ang pagkakaroon ng edukasyon ay nakaugnay rin sa pag-unlad ng ekonomiya at mapayapang resolusyon sa mga alitan. Ang edukasyon ay nagtatanim ng pag-asa at naghihikayat ng pagkilos.

## Resources para sa mga Miyembro ng Simbahan

Ang dalawang mahahalagang resources ng Simbahan na nilayong suportahan ang mga miyembro ng Simbahan sa kanilang mga mithiin sa pag-aaral ay ang **Perpetual Education Fund (PEF)** at **BYU-Pathway Worldwide**. Ang PEF ay isang financial aid program para tulungan ang mga estudyante na makumpleto ang mga programa sa pag-aaral na nagbibigay ng mga kasanayang kailangang-kailangan para makapagtrabaho o makapagnegosyo. Ang BYU-Pathway Worldwide ay nag-aalok sa mga estudyante ng access sa murang mataas na edukasyon online.

Kabilang sa iba pang resources sa pag-aaral na available sa mga miyembro ng Simbahan ang:

- **Benson scholarship program,** na tumutulong sa mga miyembro na makakuha ng post-secondary education sa mga larangang may kaugnayan sa nutrisyon at agrikultura.
- **EnglishConnect,** na nagbibigay ng libreng pagtuturo ng Ingles para sa mga miyembro ng Simbahan at sa iba pa.

## Resources na Ibinibigay sa Lahat

Ang mga pagsisikap ng Simbahan na magkawanggawa ay naglalaan ng mga textbook, desk, upuan, pagsasanay sa mga guro, pagpapanibago ng silid-aralan, at iba pa upang matulungan ang mga estudyante na magkaroon ng mas magandang akses sa mataas na kalidad na edukasyon. Kabilang sa daan-daang iba pang proyektong may kaugnayan sa edukasyon noong 2023, nag-donate ang Simbahan ng mga kagamitan, aklat, at iba pang mga supply sa mga paaralan sa kanayunan sa Tonga na kulang sa resources.

**349 na iginawad na mga Benson Scholarship**

**530 proyektong pang-edukasyon**


**Mga proyektong ipinatupad sa 97 bansa**

### Pagpopondo sa Edukasyon para Magkaroon ng Mas Magandang Kinabukasan

Naharap sa mahirap na desisyon ang mga Argentinian na sina Alfredo at Nadia: magkaroon ng mas magandang kinabukasan sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral o manatili sa kanilang pamumuhay sa pamamagitan ng pag-iwas sa malaking gastusin sa pag-aaral. Tila nagsisimula nang manganib noon ang mga pangarap ng mag-asawa para sa kinabukasan hanggang sa malaman ni Alfredo ang tungkol sa Perpetual Education Fund.

"Nakakuha ako ng [isang] loan, … nakumpleto ko ang pag-aaral ko ng programming, at matagumpay kong natapos ang aking degree," sabi ni Alfredo. "Naituloy rin ng asawa ko na pag-aralan ang gusto niya." Sa huli ay nakapagtrabaho si Alfredo, at natapos ni Nadia ang kanyang degree sa human resources, na nagbigay-daan sa mga bagong oportunidad.





***Kaliwa:*** *Nagtipon ang isang klase sa EnglishConnect para sa isang English lesson.* ***Kanan:*** *Isang binatilyong papasok sa paaralan sa Puerto Rico.*

### ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Magkuwento sa iba tungkol sa Perpetual Education Fund.
- Magboluntaryo sa isang lokal na paaralan.
- Regaluhan ng aklat ang isang bata.



*Tinulungan ng Isang job coach ang isang Deseret Industries associate na ayusin ang na-donate na mga item.*

**5,538 mga job placement**

**2,603 pinangasiwaang mga virtual workshop**

**3,824 na nalikhang indibiduwal na mga vocational plan**

## ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Magpraktis ng mga kasanayan sa interbyu kasama ang isang kaibigan o kapamilya na naghahanap ng trabaho.
- Turuan ang mga naghahanap ng trabaho sa isang lokal na nonprofit na organisasyon.
- Magbahagi ng mga oportunidad na makapagtrabaho na alam mo sa mga kakilala mo.

# Trabaho

Ang isa sa mga paraan na pinangangalagaan ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang mga nangangailangan ay sa paglalaan ng tools at serbisyo na tutulong sa mga indibiduwal na maghanda at makakuha ng trabaho na hahantong sa propesyonal na paglago at matatag na kita.

## Employment Services

Ang Employment Services ay tumutulong sa mga indibiduwal na walang trabaho, muling magtatrabaho, o gustong umasenso sa kanilang kasalukuyang sitwasyon sa trabaho. Ang mga employment counselor ay nagbibigay kapwa ng mga personal na serbisyo gayundin ng virtual na tulong para sa mga malayo ang tirahan sa isang center.

Ang Employment Services ay nagbibigay ng iba't ibang suporta para tulungan ang mga miyembro ng Simbahan at ang iba. Ang mga counselor ay nag-aalok ng mga one-on-one coaching at Active Job Search group, na tumutulong sa lahat ng bagay mula sa pagsulat ng résumé at mga kasanayan sa interbyu hanggang sa networking. Para sa mga naghahangad na magsimula ng negosyo, ang Employment Services ay nag-aalok din ng self-employment resources, kabilang na ang impornasyon sa training, mentoring, at pagpopondo.

Ang Employment Services ay nag-aalok din ng mga forum, workshop, at webinar online na "Ask an Expert" para magturo ng mga kasanayan sa paghahanap ng trabaho. Ang resources na ito ay matatagpuan sa Employment.ChurchofJesusChrist.org.

## Development Counseling Services

Ang mga development counselor ay tumutulong sa mga tao mula sa lahat ng kalagayan sa buhay na matukoy at madaig ang mga balakid sa pagtatrabaho. Sa loob ng bawat DI store, nakikipagtulungang mabuti ang mga operation supervisor sa mga development counselor para maglaan ng mas magandang suporta para sa mga kasamahan. Available din ang mga development counselor sa iba pang piling lokasyon na hindi kasalukuyang pinaglilingkuran ng mga DI store.

Nagsasagawa ng malalim na pagsusuri ang mga development counselor para matukoy ang mga kalakasan, balakid, at estratehiya para makahanap ng trabaho at maging self-reliant. Matutulungan

din nila ang mga indibiduwal na harapin ang mabibigat na emosyon, pigilan ang stress, at gumawa ng mga positibong pagbabago sa kanilang buhay.

## Humanitarian Center

Ang sobrang damit na natanggap sa mga DI store ay ipinadadala sa Humanitarian Center, kung saan ito inaayos para ipamigay sa mga taong nangangailangan sa iba't ibang panig ng mundo.

Ang mga kasamahan mula sa Humanitarian Center ay nagmumula sa iba't ibang bansa at pinagmulan. Marami ang nakatakas mula sa mga labanan, pagkagutom, at iba pang mga hirap sa kanilang sariling bansa. Binibigyan sila ng oportunidad na kumita habang nagtatrabaho sila at dumalo sa mga English language class (na iniaakma sa araw ng kanilang trabaho).

## Deseret Industries

Noong 2023, ipinagdiwang ng Deseret Industries (DI) ang ika-85 anibersaryo nito. Mula nang pasimulan ito, natulungan na ng DI ang mga indibiduwal na may mga balakid na makahanap ng trabaho at magkaroon ng mas magandang kinabukasan para sa kanilang sarili. Ang DI ngayon ay pinatatakbo sa 46 na lokasyon sa 8 estado sa U.S., na naglilingkod sa hanggang 4,000 kasamahan anumang oras.

Ang mga kasamahan ng DI ay nagtatrabaho sa mga tindahan at nagte-training sa mga lokal na kasosyo sa negosyo, nagtatamo ng mahalagang karanasan sa trabaho ng retail (pagtitingi) at natututo ng mga gawi sa trabaho at iba pang mahahalagang kasanayan sa buhay para magawa nilang magtagumpay sa isang industriyang pinili nila. Available din ang work training program na ito sa mga empleyado sa Deseret Manufacturing, kung saan ang mga kasamahan ay gumagawa ng mga pangunahing muwebles na yari sa kahoy at mga produkto na gamit sa pagtulog. Regular na nakikipag-usap ang mga kasamahan sa isang operations supervisor, na nagbibigay ng tagubilin at panghihikayat.

## Transitional Services

Ang Simbahan ay mayroong ding siyam na opisina ng Transitional Services sa Utah, Nevada, at Arizona. Sa mga lokasyong ito, sinusuportahan ng mga tauhan ng Transitional Services at ng mga boluntaryo ang mga indibiduwal na iba-iba ang pinagmulan na nangangailangan ng tulong na makihalubilo sa kanilang komunidad. Maaaring kabilang dito ang mga taong palabas na sa mga correctional facility o bilangguan, walang tirahan, o nagrerekober mula sa ilegal na pangangalakal. Ang mga opisinang ito ay naglalaan din ng mga serbisyo para sa mga beterano at indibiduwal na nandayuhan mula sa ibang bansa.

Binibigyan ng mga tauhan ng Transitional Services ang mga indibiduwal na ito ng pansamantalang tulong sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain, damit, pamasahe sa bus, at iba pang mga bagay na kailangan. Nakikipagtulungang mabuti ang Transitional Services sa Employment Support and Family Services para mapagtugma ang mga planong tulungan ang mga indibiduwal na ito na maging self-reliant sa pangmatagalan.


### Isang Bagong Simula sa Buhay

Matapos magmisyon nang dalawang taon para sa Simbahan, nagsikap nang husto si Andre na matamo ang kanyang bachelor's degree sa kinesiology. Gayunman, ang mga hamon sa kalusugan ng katawan mula sa isang nakaraang aksidente ay humantong sa adiksyon sa mga iniresetang gamot. Pagkaraan ng ilang panahon ng kawalan ng tirahan, humingi ng tulong si Andre sa isang opisina ng Transitional Services.

Nakipagtulungan ang mga tauhan kay Andre para masuri ang kanyang sitwasyon at makaisip ng isang plano. Nakipagtulungan sila sa ilang katuwang sa komunidad at sa mga lokal na miyembro ng Simbahan para makahanap ng subsidized housing. Tinulungan din nila si Andre na sumali sa addiction recovery program ng Simbahan at makahanap ng trabaho, na nagbigay sa kanya ng bagong simulain sa buhay.

*"Ngayon ang panahon para mapagpala natin ang iba at '[mai]taas ang mga kamay na nakababa.' "*

—PANGULONG RUSSELL M. NELSON, PANGULO NG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW[11]





***Kaliwa:*** *Nagtipon ang mga naghahanap ng trabaho sa isang employment center para dumalo sa isang Active Job Search group meeting.* ***Gitna:*** *Isang lalaki sa Mexico ang nagtatrabaho sa isang restawran.* ***Kanan:*** *Isang young service missionary at senior missionary, na tinawag na maglingkod sa Employment Services.*

**5,700 share ng tubig na nai-donate sa Great Salt Lake**

**140,000 mga puno na nai-donate sa Mongolia**

**1,153,000 commuter miles na ibinawas ng mga empleyado ng Utah na gumagamit ng pampublikong sasakyan**

### ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Alamin kung ano ang itinuro ng mga pinuno ng Simbahan at ng iba pa tungkol sa pangangalaga sa mundo.
- Humanap ng mga paraan para magtipid ng kuryente, magtipid sa paggamit ng tubig, at mabawasan ang basura.
- Magboluntaryo sa mga pagsisikap na makatulong sa oras ng kalamidad para mabawasan ang mga pasaning dulot ng mga hamon sa kapaligiran.

*"May obligasyon tayong maging mabubuting katiwala, upang maipasa sa darating na mga henerasyon ang isang mundong mas mainam kaysa noong matagpuan natin ito sa pamamagitan ng mga gawi at pagpapahalaga sa matalinong pangangasiwa."*

—BISHOP L. TODD BUDGE, PANGALAWANG TAGAPAYO SA PRESIDING BISHOPRIC[12]

# Pangangasiwa sa Kapaligiran

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay naniniwala na ang pangangalaga sa mundo at sa resources nito ay may malapit na kaugnayan sa pangangalaga sa mga nangangailangan. Noong 2023, patuloy na nagsikap ang Simbahan na pangalagaan ang kapaligiran sa pamamagitan ng mga inisyatibong tulad ng pagtitipid ng tubig at kuryente at pag-recycle. Inuuna rin ng Simbahan ang mga masusuportahang solusyon sa mga proyektong pangkawanggawa, gamit ang lokal na resources at materyales hangga't maaari.

## Pagtitipid ng Tubig

Noong 2023, nagtuon ang Simbahan sa pagbuo ng mga plano sa paggamit ng tubig para sa lahat ng agrikultural na ari-arian ng Simbahan at nag-install ng mga smart controller, hydrometer, rain sensor, at drip irrigation system sa maraming pasilidad ng Simbahan. Kabilang din sa pagsisikap na ito ang pag-retrofit ng ilang meetinghouse landscape para subukan ang mga alituntunin sa matatag na landscape at mga pamamaraan sa pagtitipid ng tubig sa mga lugar na madalas magkaroon ng tagtuyot.

Noong Marso 2023, nag-donate ang Simbahan ng 6.5 bilyong galon ng taunang tubig na pang-irigasyon sa Great Salt Lake sa Utah, isang lugar kung saan laganap ang tagtuyot. Ang donasyon ay isa sa pinakamalalaking permanenteng donasyon ng tubig na natanggap ng estado at katumbas ng walang-katapusang supply ng tubig para sa 20,000 mga pamilya. Ang tubig na ito ay patuloy na dadaloy sa lawa at tutulong na pangalagaan ang kapaligiran sa paligid nito.


## Pagtitipid ng Kuryente

Bilang mga katiwala ng resources sa lupa, ang Simbahan ay nakalaang maingat na pangasiwaan ang pondo at resources ng kalikasan. Kabilang sa iba pang mga pagsisikap na magtipid ng kuryente noong 2023, nag-install ang Simbahan ng mga solar panel sa marami sa mga meetinghouse nito sa buong mundo.

## Pag-recycle

Noong 2023, nagsimulang mag-transition ang Simbahan sa 100%-recycled na mga plastic cup para gamitin sa sakramento. Gumaganap din ng mahalagang papel ang Deseret Industries sa pagtanggap, muling paggamit, at kung minsa'y pag-recycle ng na-donate na mga item na mapupunta sana sa tambakan ng basura.







*__Kaliwa:__ Isang ina at ang kanyang mga anak na sama-samang nagbibisikleta sa Japan. __Gitna:__ Nagtanim ng mga bulaklak ang isang young Church service missionary sa paligid ng Ogden Temple. __Kanan:__ May mga dock sa tuyong lupa sa Great Salt Lake.*

# Pangangalaga sa Kalusugan at Kadaliang Kumilos

Noong mortal na ministeryo ni Cristo, tiniyak Niya nang husto na mapaglingkuran ang mga may pisikal na kapansanan, sakit, at karamdaman. Ang Simbahan ni Jesucristo ay nagpapatuloy sa misyong ito ngayon sa pamamagitan ng gawain nitong pangalagaan ang kalusugan at kadaliang kumilos sa buong mundo.

## Mga Pagbabakuna

Aktibong nakikilahok ang Simbahan sa mga pagsisikap na mabakunahan ang lahat ng tao. Ang isang halimbawa ay ang pakikipagtulungan ng Simbahan sa UNICEF USA na maragdagan ang mga inisyatibo sa pagbabakuna sa Zambia. Ang inisyatibong ito, na isinasagawa na kasama ng lokal na ministry of health at ng UNICEF USA, ay mas nagpadali para sa mga indibiduwal na ma-access ang mga pagbabakuna laban sa tigdas at polio, na nakabawas sa bilang ng mga outbreak sa lugar. Sinuportahan din ng pagpopondo ng Simbahan ang mga pagsisikap ng UNICEF na mag-train ng mga magbabakuna sa Afghanistan at Pakistan, gayundin ang kampanya ng Ministry of Health sa Peru na bakunahan ang mga bata laban sa polio at tigdas.

## Pagtatayo, Pagpapalawak, at Muling Pagsasaayos ng mga Pasilidad

Dahil sa na-upgrade na mga medical facility ang mga doktor at nars ay nakapagbibigay ng mas mabuting pangangalaga, na nakakabuti sa estado ng kalusugan ng buong publiko. Bukod sa iba pang mga pagsisikap noong 2023, nag-donate ang Simbahan ng mga biomedical tool sa isang ospital sa Republic of Palau at nagbigay ng pondo at mga medical supply para tumulong sa pagpapaayos ng isang ospital sa rehiyon ng Bryansk sa Russia. Nagbigay rin ng pondo ang Simbahan para makumpleto ang isang bagong rural health clinic sa Zimbabwe at nag-donate ng mga kama at kagamitang medikal. Bilang bahagi ng proyektong ito, tumulong ang Simbahan na muling ayusin ang tirahan para sa mga tauhan ng klinika, nagbigay ng solar power sa mga pasilidad, at nag-drill ng isang balon para mapagkunan ng tubig.

## Vision Care

Ang vision care ay isang patuloy na prayoridad sa pagkakawanggawa noong 2023. Tumulong ang Simbahan na pondohan ang mga proyekto sa buong mundo para gamutin ang mga katarata at pagandahin ang access sa mga serbisyo sa vision care. Sa Mozambique, halimbawa, nag-alok ng mga pagsusuri sa mata at panggagamot ang Simbahan sa maraming indibiduwal mula sa malalayong komunidad sa kanayunan. Bukod sa iba pang mga proyekto noong 2023, nag-donate ang Simbahan ng 500 intraocular lenses para gamitin sa mga pag-opera sa katarata sa Malaysia, libu-libong pares ng salamin sa mata sa Peru, at isang auto refractor keratometer para mapahusay ang mga vision screening sa Chiapas, Mexico.

## ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Mag-donate ng hindi-gamit na mga saklay at iba pang mga tulong sa paggalaw sa inyong lokal na ospital.
- Alamin ang kahalagahan ng mga bakuna; ibahagi ang nalalaman mo sa iyong mga kaibigan at kapitbahay.
- Magboluntaryong pangasiwaan ang mga lokal na vision screening at iba pang mga kaganapang pangkalusugan.

**25,786 na nai-donate na mga wheelchair**

**29 na mga vision project**

**73 proyektong pangangalaga sa ina at bagong silang na sanggol**

### Pagbibigay ng mga Wheelchair sa Honduras

Dahil sa isang donasyon mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, daan-daang adult at batang may mga kapansanan sa pagkilos sa San Pedro Sula ang tumanggap ng mga wheelchair at postural support device. Dahil dito, sila ngayon ay mas malayang makakilos at may dignidad.

Ang donasyong ito ay isa lamang sa ilang ginawa ng Simbahan noong 2023, na nakaapekto sa libu-libong mga indibiduwal sa buong mundo.



*Pinangasiwaan ng isang healthcare worker ang pagbabakuna laban sa polio para sa isang sanggol sa Zambia. Larawan sa kagandahang-loob ng ©UNICEF/UN0663888/Schermbrucker.*





***Kaliwa:*** *Nasiyahan ang isang bata sa Haiti sa masustansyang pagkain sa paaralan. © WFP/Theresa Piorr.* ***Kanan:*** *Namitas ng berries ang isang senior missionary sa isang sakahang pag-aari ng Simbahan.*

**530 mga proyekto sa seguridad ng pagkain**

**71 mga proyekto sa nutrisyon**

**Mga proyektong ipinatupad sa 94 na mga bansa**

*"Malambot ang puso ni Jesus sa mga bata. Nananangis Siya kapag nakikita Niya silang nagugutom. At nagagalak Siya kahit sa pinakamaliit na pagsisikap na tulungan sila."*

—PANGULONG CAMILLE N. JOHNSON, RELIEF SOCIETY GENERAL PRESIDENT[13]

# Pagpapakain sa mga Nagugutom

Sinusunod ng mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang mga alituntunin ng self-reliance, at hangad naming tulungan ang iba na gawin din iyon. Gayunman, para sa maraming nagugutom at may iba pang agarang temporal na mga pangangailangan, mahirap magtuon sa pangmatagalang self-reliance kapag hindi natutugunan ang mga panandaliang pangangailangan. Hangad ng Simbahan na tulungan ang mga taong ito sa pamamagitan ng pagtugon sa agarang mga pangangailangan ng gutom, pagsuporta sa pinahusay na nutrisyon, at pagtataguyod sa pangmatagalang seguridad ng pagkain.

## Pagtugon sa mga Agarang Pangangailangan

Para matugunan ang agarang mga pangangailangan sa gutom, nagpapatakbo ang Simbahan ng 123 mga bishops' storehouse, kung saan maaaring makipag-ayos ang mga lokal na lider ng Simbahan para makatanggap ang mga miyembro ng kanilang kongregasyon ng pagkain at iba pang mga item nang walang bayad. Ang mga storehouse na ito ay nagdo-donate din ng mga produkto sa daan-daang lokal na mga food bank.

Tatlong quarter ng kabuuang dami ng mga kalakal na ipinamamahagi mula sa mga bishops' storehouse ang nagmumula sa mga produktong gawa at/o ipinroseso sa mga sakahan, orchard, pag-aalaga ng mga hayop, at mga processing plant ng Simbahan. Ang mga operasyong ito ay suportado ng mga boluntaryo, na maaaring mga miyembro ng Simbahan, mga miyembro ng komunidad, o mga boluntaryo mula sa mga pambansang organisasyon.

Sa mga lokasyon na walang access sa isang bishops' storehouse, kadalasa'y nakikipag-ayos ang mga lider sa mga lokal na grocery store para matugunan ang mga pangangailangang ito. Nagbibigay rin ng suporta ang Simbahan sa iba pang mga organisasyon sa buong mundo na tumutugon sa pagkagutom ng lahat. Bukod pa riyan, madalas lumahok ang mga miyembro ng Simbahan sa mga food drive para tugunan ang mga pangangailangan sa loob ng sarili nilang komunidad.

## Nutrisyon

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay tapat sa pangakong bawasan ang malnutrisyon at may natatanging tungkuling mag-organisa ng mga pangunahing pagsisikap sa mga lokal na komunidad.

Noong 2023, patuloy na sinuportahan ng Simbahan ang mga pagsisikap nito sa nutrisyon ng mga bata, kabilang na ang isang inisyatibong pinamumunuan ng Relief Society ng Simbahan na sumusuporta sa mga miyembro ng Simbahan na ang mga anak ay kulang sa nutrisyon. Sa pamamagitan ng inisyatibong ito, tumatanggap ng training ang mga lokal na lider at miyembro ng Simbahan tungkol sa mga karaniwang tanda ng malnutrisyon at kung paano magsagawa ng nutrition screening. Nagbibigay rin ng suporta ang inisyatibo para tulungan ang mga miyembro ng Simbahan na ma-access ang lokal na health at clinical services, nutritional supplementation, pagpapabakuna, at iba pang tulong para mabawasan ang mga panganib ng malnutrisyon.

Bilang bahagi ng mga pagsisikap nito na magkawanggawa, naglaan din ang Simbahan ng pangkalahatang suporta sa mga magsasaka sa kanayunan na may produksyon ng masusustansyang pananim at nakipagtulungan sa mga health system ng komunidad para mapatatag ang edukasyon at maka-access sa mga pagkaing therapeutic. Sa pakikipagtulungan sa mga kwalipikadong organisasyong tulad ng CARE, Helen Keller International, Catholic Relief Services, Save the Children, iDE, Hunger Project, UNICEF, at World Food Programme, nagawang tulungan ng Simbahan ang mga pamilya na iba-iba ang pinagmulan na tumanggap ng mapagkukunan ng dagdag na pagkaing kailangan nang kainin, na tinitiyak na may access ang mga kapapanganak na ina at ang mga bata sa nutrisyong kailangan nila para lumaki.

## Seguridad ng Pagkain

Seguridad ng pagkain sa buong mundo ang patuloy na naging prayoridad sa pagkakawanggawa noong 2023. Sa Senegal, tinulungan ng Simbahan ang MyAgro na bumili ng mga kailangan sa agrikultura, tulad ng pataba, at nagbigay ng training sa libu-libong mga magsasaka, na nakatulong na magtaguyod ng pangmatagalang sustainability sa agrikultura. Nakipagtulungan din ang simbahan sa iDE Zambia para mapahusay ang pag-access sa mga input at merkado para sa libu-libong magsasaka, na tumulong na lumaki ang kanilang kita at gumanda ang seguridad ng pagkain sa loob ng rehiyon.

Bukod pa riyan, sinuportahan ng Simbahan ang ilang proyekto para mapahusay ang seguridad ng pagkain sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga halamanan sa lungsod at pamilya. Halimbawa, sa Pilipinas, nakipagtulungan ang Simbahan sa Department of Agriculture at sa Bureau of Plant Industry para maglunsad ng isang proyektong pang-agrikultura sa San Juan City. Ang proyektong ito ay tumutulong sa mga miyembro ng komunidad na ipatupad ang matatag na mga gawi sa pagsasaka sa lungsod sa pamamagitan ng pagtatanim ng sarili nilang mga produkto, sa gayo'y nababawasan ang umasa sa mga mapagkukunan ng pagkain sa labas.

### Ang Access sa Pagkain ay Nakadaragdag sa Self-Reliance

Noong 2023, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nakipagtulungan sa The Hunger Project para magtatag ng mga sentro sa Burkina Faso kung saan maaaring magtipun-tipon ang mga lokal na komunidad para magbahagi ng resources, pati na ng isang gilingan upang maggiling ng butil (gaya ng bigas).

Nagkaroon ng malaking epekto ang proyektong ito kay Hinmin, isang inang may apat na anak, na dati-rati'y kailangang maglakad nang malayo at pumila nang matagal para ma-access ang tanging gilingan sa nayon. Ngayo'y hindi na siya gaanong nag-uukol ng oras at pera sa gilingan at mas mabilis na niyang nakukuha ang kanyang harina, na nagbibigay sa kanya ng mas maraming oras para kumita at suportahan ang kanyang mga anak.

### ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Magboluntaryo at mag-donate sa inyong lokal na food pantry.
- Magsimula ng isang community garden para matugunan ang mga pangangailangan ng gutom sa inyong lugar.
- Kausapin ang iyong mga kaibigan at kapamilya tungkol sa pagkagutom sa inyong komunidad at kung ano ang magagawa nila para makatulong.



*Nagtatrabaho ang isang mag-asawa sa kanilang halamanan sa Taiwan.*

**374 na mga proyektong naglilingkod sa mga walang tirahan**

**11,063 mga indibiduwal na naka-access sa resources ng transitional services**

### Pagsisimulang Muli sa Isang Bagong Bansa

Lumipat si Nadia at ang kanyang pamilya sa Estados Unidos noong 2023. Dahil sa mga problema sa kalusugan, nahirapan silang mag-asawa na makahanap ng trabaho sa kanilang bagong tahanan—sa kabila ng kanilang mataas na pinag-aralan.

Sa tulong ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, gayundin ng Lao Family Community Development, nakatanggap si Nadia at ang kanyang asawa ng pinansyal na suporta para mabayaran ang renta nila at maiwasang mawalan ng tirahan. Dahil sa tulong na ito sa kritikal na panahon, nakapagtuon si Nadia at ang kanyang asawa sa paghahanap ng trabaho, na humantong sa mas malaking self-reliance.

### ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Magboluntaryo sa isang lokal na evacuation center o sa inyong lokal na opisina ng Red Cross o Red Crescent.
- Mag-sponsor ng isang pamilyang naghahanap ng kanlungan sa inyong lugar.
- Kausapin ang iyong mga kapitbahay tungkol sa mga pangangailangan ng mga taong walang tirahan sa inyong komunidad.

# Suporta sa Tirahan

Maraming dahilan kung bakit maaaring mawalan ng tirahan ang mga indibiduwal. Ang kawalan ng tirahan ay maaaring isang pansamantalang sitwasyon na sanhi ng kalamidad na dulot ng kalikasan, labanan, o iba pang matinding sitwasyon. Sa ibang mga sitwasyon, ang kawalan ng tirahan ay bunga ng pagkatanggal sa trabaho, mga hamon sa kalusugan ng pag-iisip, adiksyon, o simpleng masasamang sitwasyon. Anuman ang dahilan, nagbibigay Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ng malaking pagkakawanggawa para tugunan ang mga problema sa tirahan sa paraang nagbibigay ng privacy, kaligtasan, at dignidad sa lahat.

## Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan

Ang Simbahan ay nagpapatakbo ng siyam na opisina ng Transitional Services sa Estados Unidos. Bihasa ang mga tauhan sa mga opisinang ito sa pagtulong sa mga walang tirahan na makadama ng pagmamahal at suporta habang naghahangad silang mapabuti ang kanilang sitwasyon. Ang Transitional Services ay tumutulong sa agarang temporal na mga pangangailangan at pinapupunta ang mga indibiduwal sa lokal na resources sa komunidad para sa suporta sa kalusugan ng pag-iisip, adiksyon, o mga pangangailangan sa trabaho. Sa ibang lugar sa Estados Unidos at sa buong mundo, nagbibigay ang Simbahan ng pondong pangkawanggawa at mga donasyon para suportahan ang mga organisasyong naglilingkod sa mga indibiduwal na walang tirahan.

## Emergency Shelter

Bukod sa iba pang mga pagsisikap noong 2023, nakipagtulungan ang Simbahan sa Shelterbox sa paglalaan ng mga tolda para sa mahigit isang libong pamilya na nawalan ng tirahan dahil sa labanan sa Yemen. Binuksan din ng Simbahan ang mga meetinghouse bilang mga pansamantalang kanlungan at nagbigay ng mga hotel voucher sa mga residenteng nawalan ng tirahan dahil sa mga wildfire sa Maui.

## Pagtulong sa Mahihina

Nakipagtulungan ang Simbahan sa ilang organisasyon para tulungan ang mahihinang komunidad na mas mataas ang peligrong makaranas ng kawalan ng tirahan (tulad ng mga naghahanap ng kanlungan o asylum). Halimbawa, nakipagtulungan ang Simbahan sa Pastoral Dimension of Human Mobility of the Conference of the Mexican Episcopate para mag-donate ng mga kagamitan sa labing-isang kanlungan at apat na community kitchen, na tumutulong sa libu-libong tao na magkaroon ng access sa kanlungan, damit, tulong-legal, at iba pa.





*Kaliwa: Binigyan ang isang pamilyang nawalan ng tirahan sa Syria ng shelter kit at iba pang mga kinakailangang materyales. Larawan sa kagandahang-loob ng ShelterBox USA. Kanan: Tumulong ang mga lokal na boluntaryo na maghanda ng mga kama sa isang kanlungan para sa mga walang tirahan sa California.*

# Kalusugan ng Pag-iisip

Ang mga paghihirap ng isipan at damdamin ay maaaring maging dahilan para madama ng mga tao na limitado ang kakayahan nilang kumonekta sa iba o lubos na makatulong sa mundo sa kanilang paligid. Sa paghahangad na magamot sa mga hamong ito, kadalasa'y maaari silang makadama ng higit na kagalakan at katuparan at matutong maging mas matatag.

Sa pamamagitan ng isang referral mula sa kanilang bishop, ang mga miyembro ng Simbahan na dumaranas ng mga hamon sa isipan o damdamin ay maaaring tumanggap ng pangangalaga at resources mula sa Family Services nang walang bayad. Nagbibigay rin ang Family Services ng mga konsultasyon para sa mga lider ng Simbahan para suportahan ang kanilang mga pagsisikap na maglingkod sa mga miyembrong nangangailangan. Available ang pagpapayo sa mga indibiduwal, mag-asawa, pamilya, mga magulang na magkakaanak nang walang asawa, at mga missionary ng Simbahan.

Ang isang resource na inaalok sa pamamagitan ng Family Services ay ang *Healing through the Savior: The Addiction Recovery Program [Paggaling sa Pamamagitan ng Tagapagligtas: Ang Addiction Recovery Program]*. Ang programa ay nagbibigay ng suporta sa mga miyembro ng Simbahan at sa iba pa na nakikibaka sa mga compulsive behavior at nag-aalok din ng mga support group para sa mga miyembro ng kanilang pamilya. Nag-aalok din ang Simbahan ng mga self-reliance group sa *Paghahanap ng Lakas sa Panginoon: Emosyonal na Katatagan,* na tumutulong sa mga kalahok na matuto ng mga kasanayan para matiis ang mga hamon ng buhay.

Bukod pa riyan, nagbibigay ng emosyonal na pangangalaga ang Family Services sa mga panahon ng krisis. Halimbawa, noong 2023, nagpadala ng mga team ng mga professional counselor sa Maui, Hawaii, para magbigay ng emosyonal na suporta sa mga miyembro ng Simbahan na naapektuhan ng mapaminsalang mga wildfire.

## ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Magpakita ng pagmamahal at kabaitang tulad ni Cristo sa iyong kapwa; hindi mo alam kung ano ang pinagdaraanan nila.
- Suportahan ang addiction recovery program at mga emotional resilience group sa inyong lugar.
- Kumuha ng training na "Question, Persuade, Refer [Magtanong, Maghikayat, Mag-refer]" para malaman kung paano susuportahan ang mga nasa paligid mo na maaaring nag-iisip na magpakamatay.

**218,170 oras ng pagpapayo**

**97 mga bansang pinaglingkuran ng Family Services**

**2,926 addiction recovery meeting bawat linggo**

### Makasumpong na Muli ng Pag-asa

Nang malaman ni Lucy* na nagtatag ang Family Services ng isang support group sa Europe para sa mga nakaligtas sa seksuwal na pang-aabuso, nakadama siya ng panibagong pag-asa at pagiging kabilang. Ang mga grupong ito ay inaalok ng Simbahan at pinangangasiwaan ng mga bihasang counselor.

Dahil sa kanyang paglahok, unti-unting natutuhan ni Lucy kung paano naapektuhan ng kanyang karanasan ang kanyang utak, damdamin, at espirituwalidad. "Matagal na akong nawalan ng pag-asa," sabi ni Lucy, "pero ngayon ay bumabalik na iyon."

**binago ang pangalan*

*"Napakalaking pagpapala na kaya nating … tumulong sa paghahatid ng emosyonal, espirituwal, at pisikal na ginhawa sa mga nasa paligid natin."*

—SISTER J. ANETTE DENNIS, UNANG TAGAPAYO SA RELIEF SOCIETY GENERAL PRESIDENCY[14]






***Kaliwa:** Nakangiti ang isang dalagita habang hinahangaan nila ng kanyang mga kaibigan ang tanawin. **Gitna:** Isang miting ng grupo sa addiction recovery. **Kanan:** Namuno at nakilahok ang mga miyembro ng Simbahan sa isang kurso sa emosyonal na katatagan.*

# Pag-asa sa Sarili

Naniniwala ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa pag-asa sa sarili. Kapag may kakayahan tayong pangalagaan ang ating sarili, mas makapagtutuon tayo sa dalawang dakilang utos ng Tagapagligtas: mahalin ang Diyos at mahalin ang ating kapwa.

## Mga Self-Reliance Group

Nag-aalok ang Simbahan ng ilang grupo na nilayong tulungan ang mga miyembro na maging self-reliant. Maaaring matutuhan ng mga kalahok kung paano simulan ang isang negosyo, pamahalaan ang kanilang pera, maghanap ng trabaho, at iba pa. Maaaring maging malaki ang epekto nito.

Halimbawa, nawala pareho ang mga kamay ni Osvaldo sa isang kakila-kilabot na aksidente noong bata pa siya. Gusto niyang maging self-reliant, kaya dumalo siya sa ilan sa mga self-reliance group ng Simbahan sa kanyang bayang sinilangan sa Paraguay. Sa mga grupong ito, natuto siya ng personal na pananalapi at mga kasanayan sa paghahanap ng trabaho, gayundin kung paano maging matatag ang damdamin. Dahil dito, nakakuha siya ng trabaho sa telemarketing, pagkatapos ay nagsimula siya ng sarili niyang negosyo sa printing at photography.

## Mga Pagsisikap na Magkawanggawa

Bagama't kumikilos ang Simbahan upang matugunan ang agarang mga pangangailangan sa pamamagitan ng mga pagsisikap na magkawanggawa, laging mithiin nitong tulungan ang mga indibiduwal na makaasa sa sarili nang pangmatagalan.

Sa South Dakota, halimbawa, nag-donate ang Simbahan ng mga kagamitan sa pagpoproseso ng pagkain sa mga miyembro ng tribo ng Sisseton-Wahpeton Oyate para bigyan sila ng karagdagang kaparaanan para suportahan ang kanilang sarili. Nakipagtulungan din ang Simbahan sa nonprofit na organisasyon na Upwardly Global para tulungan ang mga immigrant sa buong Estados Unidos na tumanggap ng mga kredensyal para makapagtuloy sa kanilang propesyon bilang mga doktor, dentista, guro, o iba pang mga tungkulin.



*Nagtipon ang isang self-reliance group sa South Africa.*

**14,643 self-reliance group ang isinagawa**

**110,019 na kalahok ang kumumpleto ng isang grupo**

**90 bansa na may mga kalahok**

### Pagkakaroon ng Self-Reliance o Pag-asa sa Sarili sa Pamamagitan ng mga Bagong Kasanayan

Matapos gugulin ang pagiging tinedyer niya sa pakikibaka sa adiksyon, nagsimulang dumalo si Amy sa mga miting ng Alcoholics Anonymous at nagsikap na panatilihin ang kanyang kahinahunan. Gayunman, dahil sa kanyang pinagmulan, nahirapan siyang makakuha ng trabaho na magtutulot sa kanya na masuportahan ang kanyang mga anak.

Noon niya natagpuan ang Pawsperity, isang nonprofit dog grooming school na dinisenyo upang tulungan ang mga nangangailangan na mas maging self-reliant. Dahil sa isang donasyon mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, natriple ng Pawsperity ang bilang ng mga estudyanteng tinutulungan nito. Nakapag-enrol si Amy sa programa at hindi lamang natuto ng pet grooming skills, kundi pati ng mga kasanayan sa buhay tulad ng pagiging maalalahanin, kamalayan sa sarili, at komunikasyon.

### ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Mag-sign up para sa isang self-reliance group sa inyong lugar.
- Ibahagi ang iyong mga kasanayan sa pamamagitan ng pagtuturo sa isang klase sa inyong komunidad.
- Magboluntaryo sa isang proyektong tumutulong sa iba na magkaroon ng self-reliance.




*Niyakap ng dalawang miyembro ng komunidad ang isa't isa kasunod ng mga wildfire sa Maui.*

# Pandaigdigang Tulong

"Sa loob ng halos isang dekada, nagtulungan ang World Food Programme at Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa pagbibigay ng pagkain at iba pang kritikal na tulong sa pinakamahihinang tao sa buong mundo. Sa panahong ito ng walang-katulad na pangangailangan sa buong mundo, nagpapasalamat kami sa suporta ng Simbahan, na nagpapahaba ng buhay ng milyun-milyong taong nagugutom at umaasa sa mas magandang kinabukasan."

—BARRON SEGAR, PRESIDENT AT CEO NG WORLD FOOD PROGRAMME USA





*Naibalik ang paningin ng isang babae sa Ghana matapos operahan ang kanyang katarata. Larawan sa kagandahang-loob ng Daybreak Vision Project.*

**572 proyektong pangkawanggawa**

**57 proyekto sa malinis na tubig, kalinisan, at sanitasyon**

**131 proyekto sa seguridad ng pagkain/nutrisyon**

## ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Makibahagi sa isang proyekto sa paghahalaman sa komunidad.
- Kausapin ang inyong lokal na paaralan tungkol sa patuloy na mga pangangailangan.
- Ituro sa isang tao ang nalalaman mo tungkol sa pangangalaga sa isang bagong silang na sanggol (o pag-aralan mo mismo ang iba pa).

*"Ang pakikipagtulungan ng Simbahan ay … binabago ang mga buhay at tinitiyak na walang naiiwan."*

—EVELYN MERE,
DIRECTOR OF PROGRAMMES, WATERAID NIGERIA

# Africa

Noong 2023, nagsikap ang Simbahan na mabawasan ang kahirapan at maragdagan ang seguridad ng pagkain at pag-access sa malinis na tubig, mga pasilidad sa sanitasyon, edukasyon, at serbisyong medikal sa buong Africa. Ang gawaing ito ay bumubuo ng mas matibay na pundasyon para sa mga komunidad na pinaglilingkuran at sumasalamin sa tapat na pangako ng Simbahan na tugunan ang mga pangunahing pangangailangan at pangalagaan ang dignidad ng tao.

## Access sa Pagkain at Malinis na Tubig

Sa Kenya, nakipagtulungan ang Simbahan sa BOMA, isang nonprofit na organisasyon na naglalayong paghusayin ang seguridad ng pagkain at nutrisyon, magtaguyod ng mga matatag na kabuhayan, magsanay ng mga makikinabang sa kahandaan sa pinansyal na kaguluhan, at pagsuporta sa edukasyon. Mahigit 1,000 mga kalahok ang tumanggap ng training sa pagsisimula ng "mga kusina sa halamanan," kung saan makakakuha ng mga lokal na tanim na gulay ang kanilang mga komunidad. Nagresulta ito sa 204 na mga halamanan na nagbibigay ngayon sa mga sambahayan ng access sa masusustansyang pagkain.

Sa Hhohho, Eswatini, nagtulungan ang Simbahan at ang WaterAid para maghatid ng malinis na tubig sa mahigit 1,200 katao sa komunidad. Kasama sa proyekto ang isang hydrogeological survey at naglaan ng konstruksyon, trabaho, at makinarya, na nagresulta sa dalawang solar-powered water system.



*Nabigyan ng kanlungan at nasuportahan ang nutrisyon ng isang mag-ina sa Ifo refugee camp sa Kenya.*





***Kaliwa:*** *Ipinakita ng isang babae ang kanyang market stall nang mag-ministry visit sina Pangulong Camille N. Johnson ng General Relief Society presidency at Bonnie H. Cordon ng General Young Women's Presidency sa Africa.* ***Kanan:*** *Binuhusan ng malinis na tubig ng isang ina sa Madagascar ang mga kamay ng kanyang anak.*

## Edukasyon

Sa malayong nayon ng Ngaremara, Kenya, nakipagtulungan ang Simbahan sa BOMA para mapadali ang pagnenegosyo para sa lokal na kababaihan, na naglalaan sa kanila ng matatag na mapagkukunan ng kita para sa kanilang pamilya at ng isang paraan para tumaas ang kanilang katayuan sa kanilang komunidad. Sa pamamagitan ng mentorship at training, natutuhan ng kababaihan kung paano maintindihan ang halaga ng mga produkto sa merkado. Halimbawa, natutuhan nilang bumili ng mga supply nang maramihan para mabawasan ang madalas na gastos sa pamasahe at dagdagan ang kanilang kita.

## Pangangalaga sa Kalusugan at mga Kapansanan

Sa Abuja, Nigeria, nag-donate ang Simbahan ng kagamitang medikal sa Federal Medical Center, kabilang na ang mga dialysis machine at wheelchair, mga baby incubator at tiheras, mga kama sa ospital, at mga monitor para sa pasyente. Bukod pa rito, tumulong ang Simbahan na magtayo ng isang reverse osmosis plant para magkaroon ng malinis na tubig sa dialysis unit.

Inuna rin ng Simbahan ang pangangalaga sa mga bagong silang na sanggol at sa ina, na nakikipagtulungan sa lokal na pamahalaan sa Enugu, Nigeria, para magbigay ng hands-on training sa pag-resuscitate sa bagong silang na sanggol at iba pang mga kasanayan. Bukod pa rito, nakipagtulungan ang Simbahan sa UNICEF para magkasamang lumikha ng mga mentorship program sa Tanzania, Kenya, at Ethiopia, na nagtatatag ng mga learning hub para mapaganda ang kalidad ng pangangalaga sa ina at sa bagong silang na sanggol.

Sa labas ng Harare sa Zimbabwe, natapos ng mga boluntaryo ang pagtatayo ng isang bagong klinika na may mga banyo at shower. Nakipag-ugnayan ang mga tauhan ng Simbahan sa lokal na health ministry para mapaganda ang tirahan para sa mga tauhan ng klinika at maglaan ng malinis na tubig gamit ang solar-powered borehole. Mahigit 3,500 mga miyembro ng komunidad sa Rwizi ang nakinabang sa pagsisikap na ito.

### Hindi lamang Isa ang Pinagpapala Kundi Marami

Si Raphael ay isang magsasaka sa Zambia na nahihirapan sa kakaunting ani mula sa kanyang taniman ng sibuyas, pati na sa madalas na mga problema sa mga peste at sakit. Sa pamamagitan ng iDE (International Development Enterprises) sa Zambia—na may suporta mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw—nakatanggap ng training si Raphael tungkol sa mga pamamaraan ng matatag na pag-unlad na maaaring makadagdag sa kanyang produksyon ng mga sibuyas at iba pang kapaki-pakinabang na mga pananim. Nagbigay rin ang iDE ng mga binhi ng sibuyas at tumulong na mag-install ng isang drip irrigation kit sa kanyang bukid.

Sa tulong na ito, napaghusay ni Raphael ang produksyon ng pananim at ang paglaban sa mga peste. Naging napakatagumpay niya kaya pinili siya ng iDE Zambia na magbigay ng training sa iba pang mga magsasaka tungkol sa produksyon ng mga sibuyas, kamatis, groundnut, at iba pang mga pananim—sa gayo'y nabiyayaan niya ang iba ng mas malaking access sa pagkain at kita.





*__Kaliwa:__ Tumanggap ng vision care ang isang pamilya sa isang eye care center sa India. __Kanan:__ Nagtatrabaho ang dalawang lalaki sa Thailand sa kanilang halamanan.*

**305 mga proyektong pangkawanggawa**

**81 mga proyektong pang-edukasyon**

**78 mga proyekto sa pagpapaganda ng mga ospital**

## ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Bisitahin ang maysakit sa inyong lokal na ospital.
- Magboluntaryong magturo o magbasa sa mga bata sa inyong lugar.
- Turuan ang iba tungkol sa paghuhugas ng kamay at iba pang pinakamagagandang gawi para maiwasan ang sakit.

# Asia

Bukod sa iba pang mga pagsisikap, sinikap ng Simbahan noong 2023 na lutasin ang mga isyu sa pangangalaga sa kalusugan, edukasyon, at malinis na tubig at sanitasyon sa buong Asia. Ipinapakita ng gawaing ito na kahit ang pinakamaliliit na kontribusyon ay maaaring makagawa ng malaking kaibhan sa isang taong nangangailangan.

## Pangangalaga sa Kalusugan

Sa maraming lugar sa Asia, nakakapigil sa mga ospital ang kawalan ng access sa training, mga makabagong kagamitan, at sapat na mga pasilidad. Noong 2023, tumutok ang Simbahan sa pagpapahusay ng pangangalaga sa kalusugan sa buong rehiyon, lalo na sa Cambodia. Sa Kampong Thom Provincial Hospital, halimbawa, tumulong ang Simbahan sa pag-renovate ng ilang gusali, nagbigay ng bagong kagamitan, at tumulong na bigyan ng training ang medical staff sa laparoscopic surgery at neonatal resuscitation. Dahil dito, libu-libong mga tao sa rehiyon ang may access sa kinakailangang pangangalagang medikal at mas mabilis na gumagaling at kakaunti na ang namamatay.

Bukod sa iba pang mga pagsisikap, nagbigay rin ang Simbahan ng:

- Neonatal resuscitation at stabilization training para sa mga medical professional sa mga komunidad sa kanayunan ng Indonesia.
- Mga sonography machine, delivery bed, at iba pang kagamitang medikal sa Malaysia.
- Mga ambulance spinal board, gayundin ng mga infusion at syringe pump para gamitin sa mga intensive care unit sa Thailand.





*Isang mag-ina sa isang parke sa Hong Kong.*

## Edukasyon

Noong 2023, nagsikap ang Simbahan na magtaguyod ng edukasyon para sa mga estudyante sa buong Asia. Sa Cambodia, halimbawa, nasiyahan ang mga estudyante sa mga bagong bubong, sahig, banyo, water pump, at iba pang mga pasilidad sa kalinisan sa kanilang mga paaralan, na nagtutulot sa kanila na mas tumutok sa kanilang pag-aaral. Gayundin sa Mongolia, nakipagtulungan ang Simbahan sa pamahalaan at mga opisyal ng paaralan sa Tov Aimag para magbigay ng 1,000 mga backpack sa mga batang estudyante na ang mga magulang ay walang kakayahang bumili ng mga school supply.

## Malinis na Tubig at Sanitasyon

Ang pag-access sa malinis na tubig ay nagdaragdag sa kaligtasan at self-reliance ng lahat. Sa Turkmenistan, nakipagtulungan ang Simbahan sa Caritas para ipanumbalik at palawakin ang dalawang water supply system at magbigay ng training ukol sa sanitasyon, kalinisan, at ligtas na mga gawi sa pagtatapon ng basura, na pinakinabangan ng libu-libong mga residente.

Sa Baganuur, Mongolia, nakipagtulungan ang Simbahan sa lokal na water department para mag-install ng ultraviolet water sterilization equipment sa lahat ng pumping station sa lugar. Dahil dito ay libu-libong tao sa Baganuur ang nasiyahan na magkaroon ng access sa malinis na tubig sa lahat ng pump station sa lugar.

### Mas Magandang Buhay Pagkaraan ng Isang Kalamidad

Nang yanigin ng 5.6 magnitude na lindol ang West Java, Indonesia, nawalan ng tahanan si Ibu at ang kanyang asawa. Sa tulong ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at ng iba pang mga organisasyong hindi pag-aari ng pamahalaan, tumanggap si Ibu at ang kanyang asawa ng aid package na nakatulong sa kanila na magtayo ng pansamantalang kanlungan sa kanilang tahanan at sinimulan nilang muling patatagin ang kanilang buhay.

Dahil sa tulong na iyon, nakapagbukas ng maliit na tindahan si Ibu at nagsimulang kumita para sa kanyang pamilya, na nakatulong sa kanila habang patuloy silang bumabawi mula sa kalamidad na ito.

*"Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagbibigay sa amin ng kakayahang tulungan ang pinakamahihinang komunidad sa buong mundo sa pagbibigay ng mahalagang tulong kapag kailangang-kailangan nila iyon."*

—KERRI MURRAY, PRESIDENT NG SHELTERBOX USA

**99 na proyektong pang-edukasyon**

**54 na proyekto sa pangangalaga sa kalusugan**

**28 proyekto sa pagtugon sa emergency**

### Nakakita ng Magandang Kinabukasan

Si James, isang academic counselor sa isang unibersidad sa Solomon Islands, ay nawalan ng paningin dahil sa mga kataratang sanhi ng diabetes. Nakahadlang ang hamong ito sa kanyang trabaho at kakayahang alagaan ang kanyang dalawang maliliit na anak. Naging bulag si James sa loob ng siyam na buwan bago niya naibalik ang kanyang paningin nang magpaopera siya sa Regional Eye Centre sa bansa. Naging posible ang operasyong ito dahil nag-ambag ng surgical equipment ang Simbahan sa Fred Hollows Foundation NZ.

"Pinupuri ko ang Panginoon dahil nakakakita akong muli," sabi ni James. "Maganda ang kinabukasang naghihintay sa akin."

### ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Magbasa sa isang bata.
- Paangkasin o ihatid ang isang kapitbahay papunta sa opisina ng doktor.
- Alamin kung paano gumawa ng masusustansyang pagkain at ibahagi ang natutuhan mo sa mga kaibigan at pamilya.

# Australia, Pilipinas, at ang Pacific

Ang mga residente ng Pacific ay humaharap sa madalas na mga kalamidad na dulot ng kalikasan, pati na sa mga bagyo, baha, pagputok ng bulkan, at lindol. Sa maraming lugar, mayroon ding mga pangangailangan na may kaugnayan sa malinis na tubig at edukasyon. Aktibo ang Simbahan sa pagtugon sa bawat uri ng hamon.

## Mga Kalamidad na Dulot ng Kalikasan

Noong 2023, maraming paaralan sa mga bansa sa Pacific ang pininsala ng mga bagyo at pagbaha. Bilang tugon, naglaan ang Simbahan ng mga materyales at kasangkapan sa pagtatayo para i-renovate ang mga silid-aralan. Sa Australia, sinuportahan din ng Simbahan ang mga pagsisikap na muling itayo ang mga gusali pagkaraan ng mapanirang mga baha sa rehiyon ng Central West.

## Edukasyon


Sa Pilipinas, nakipagtulungan ang Simbahan sa World Possible para magbigay ng mga hotspot sa komunidad na kilala bilang mga RACHEL server sa mga paaralan sa kanayunan na walang internet access, na nagtulot sa kanila na magbigay ng mas mataas na kalidad ng edukasyon sa mga estudyante.

## Malinis na Tubig at Sanitasyon

Ang patuloy na tagtuyot at pagtaas ng tubig ng dagat ay humantong sa krisis sa tubig sa bansang Kiribati. Ang taglay na asin sa pinagmumulan ng tubig sa karatig na mga isla ay lalong naging hindi ligtas na inumin. Bilang tugon, nakikipagtulungan ang Simbahan sa CDE Suez Pacific para magdisenyo at mag-install ng mga water desalination unit sa limang komunidad sa karatig na mga isla na magbibigay sa 5,000 mga residente ng ligtas na tubig na maiinom sa darating na mga taon.



*Nakilahok ang mga kabataang babae sa isang service project sa Australia.*



# Ang Caribbean

Noong 2023, itinutok ng Simbahan ang mga pagsisikap nito sa Caribbean sa pangangalaga sa kalusugan at trabaho.

## Pangangalaga sa Kalusugan

Sa Dominican Republic, 24 na estudyante ang nakatanggap ng biomedical technician training dahil sa mga scholarship na ipinagkaloob ng Simbahan. Nagbigay din ang Simbahan ng ultrasound machine para mapaganda ang pangangalaga sa mga ina sa Regional Maternity Hospital sa Santa Cruz de Mao.

## Trabaho

Para matugunan ang kawalan ng trabaho, nakipagtulungan ang Simbahan sa Innovati Foundation para turuan ang mga miyembro ng Simbahan sa Dominican Republic kung paano magpatakbo ng negosyo. Bilang bahagi ng proyektong ito, tumanggap ang mga kalahok ng anim na buwang pagtuturo, kung saan tumanggap sila ng indibiduwal na tulong sa pagpapalago ng kanilang negosyo.

### Pagtanggap ng Tulong at Pag-asa

Maraming naranasang unos sa buhay si Margarita bago tinamaan ng Hurricane Fiona ang kanyang tahanan sa Puerto Rico. Gayunman, dahil matanda na, nahirapan siya sa pagkakataong ito na lisanin ang kanyang tahanan at bumili ng mga bagay na kailangan niya.

Mabuti na lang, dinalhan siya ng mga lokal na boluntaryo ng mga hygiene kit na puno ng sabon, shampoo, toothpaste, at iba pang mga supply. Ang mga hygiene kit na ito—na bigay ng Project HOPE na pinondohan ng Simbahan—ay naging available para tulungan ang matatanda o mahihinang residente, tulad ni Margarita.



*Naghahanda ang isang surgeon sa Dominican Republic na magsagawa ng isang medical procedure.*

**28 proyekto sa pangangalaga sa kalusugan**

**26 na proyekto sa pagtugon sa emergency**

**22 proyektong pang-edukasyon**

### ANO ANG MAGAGAWA KO?


- Magboluntaryo sa isang nonprofit na organisasyon sa inyong komunidad.
- Kausapin ang mga lokal na civic leader para alamin ang iba pa tungkol sa kanilang mga prayoridad sa pangangalaga sa kalusugan ng publiko.
- Papuntahin ang isang kaibigan sa isa sa mga self-reliance group ng Simbahan tungkol sa pagsisimula ng negosyo.

*“Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagpamalas ng matibay na pangakong susuportahan ang misyon ng UNICEF na tulungan ang mga bata sa buong mundo na mabigyan ng mga serbisyo sa kalusugan at nutrisyon na nakapagliligtas ng buhay.”*

—MICHAEL J. NYENHUIS,
PRESIDENT AT CEO NG UNICEF USA







***Kaliwa:*** *Pinakain ng isang pamilya sa Bolivia ng masustansyang pagkain ang kanilang maliliit na anak.* ***Kanan:*** *Tinulungan ng isang lalaki ang isang proyektong paglilingkod sa Peru.*

**39 na proyektong pang-edukasyon**

**33 proyekto sa pagtugon sa emergency**

**75 proyekto sa pangangalaga sa kalusugan**

### ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Magboluntaryo sa isang lokal na nonprofit na organisasyon na tumutulong sa mga naapektuhan ng mga kalamidad na dulot ng kalikasan.
- Mag-donate ng mga supply sa pag-aaral sa inyong mga lokal na paaralan.
- Tingnan ang JustServe.org para makahanap ng mga oportunidad na tulungan ang maysakit sa inyong lugar.

# Central America at South America

Noong 2023, ang mga pagsisikap ng Simbahan na magkawanggawa sa Central at South America ay higit na nakatuon sa pagsuporta sa pagtugon sa emergency, edukasyon, at pangangalaga sa kalusugan.

## Mga Kalamidad na Dulot ng Kalikasan

Bukod sa iba pang mga pagsisikap, nakipagtulungan ang Simbahan sa mga lokal na lider para tumulong sa mga naapektuhan ng pagbaha at mga pagguho sa São Paulo, Brazil. Kabilang sa mga donasyon ang mga item na tulad ng mga kutson at iba pang gamit sa pagtulog, mga supply sa kalinisan, at mga materyal na panlinis. Mahalaga rin ang papel na ginagampanan ng mga miyembro ng Simbahan, na aktibong nagboboluntaryo para matiyak ang pamamahagi ng mga panustos na ito sa mga nangangailangan.

Gayundin, noong nagkaroon ng maraming wildfire sa Chile, kumilos ang Simbahan para magbigay ng tulong. Bukod sa pagbibigay ng mga kasangkapan para matulungan ang mga lokal na komunidad na linisin ang mga kalat, nagtulungan ang mga lokal na lider ng Simbahan para maipanumbalik ang mga nasirang koneksyon ng tubig. Nagtulung-tulong din ang mga miyembro ng Simbahan sa pagkolekta at paghahanda ng mga donasyon ng pagkain, diaper, at toiletries para sa mga naapektuhan ng sunog.

## Edukasyon

Sa Montevideo, Uruguay, daan-daang kabataang miyembro ng Simbahan ang nagboluntaryong magtipon ng mga kit ng school supplies para sa mga estudyante sa mga paaralan sa kanayunan. Ang pagsisikap na ito ay nakatulong para dumami ang pumapasok sa paaralan at tumaas ang kanilang marka sa buong rehiyon.






*__Kaliwa:__ Tumanggap ng mga salamin sa mata ang mga estudyante sa El Salvador. __Kanan:__ Tumulong ang isang lalaki sa paglilinis pagkaraan ng isang wildfire sa Chile.*

Nagsikap din ang Simbahan na ayusin ang mga silid-aralan at nag-donate ng kagamitan para makatulong sa pag-aaral ng mga estudyante. Sa Panama, halimbawa, nag-donate ang Simbahan ng daan-daang computer sa Ministry of Education, na nakatulong sa daan-daang estudyante na mas madaling maka-access sa mga oportunidad na mag-aral online.

## Pangangalaga sa Kalusugan

Noong 2023, nakilahok ang mga miyembro ng Simbahan sa Central at South America sa mga blood drive para suportahan ang mga lokal na ospital at pasyente. Naglaan din ang Simbahan ng kagamitan, pagsasanay, at iba pang suporta sa mga medical facility at ng mga inisyatibo sa pangangalaga sa kalusugan sa buong rehiyon. Sa El Salvador, halimbawa, nakipagtulungan ang Simbahan sa National Institute of Santa Ana para magbigay ng mga salamin sa mata sa daan-daang mga estudyante.

### Isang Kasangkapan para Makamit ang Kanyang mga Mithiin

Sa loob ng maraming taon, walang pera si Shirly—isang dalagita mula sa Guatemala—para bumili ng sarili niyang wheelchair. Sa halip, napilitan siyang gumamit ng hiram na wheelchair, na sa kasamaang-palad ay hindi akma sa kanyang kundisyon o pisikal na mga pangangailangan.

Gayunman, noong 2023, nagbago ang lahat ng iyon. Dahil sa pakikipagtulungan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Fundabiem Guatemala, nakatanggap ng wheelchair si Shirly na maaaring iakma sa kanyang mga pangangailangan. Sabi niya, "Ang wheelchair na ito … ang magiging kasangkapan para makamtan ko ang aking mga mithiin."[15]



*Nakilahok ang isang binatilyo sa isang service project sa Peru.*

*"Sa pagsuporta sa mga programa sa Central America, South America, at Africa, isa ang Simbahan sa mga naging pinakamaimpluwensya naming katuwang sa pagpapatunay sa isang huwaran ng matatag na paghahatid ng mga serbisyo sa tubig at sanitasyon."*

—SAMSON HAILU-BEKELE,
CO-CEO NG WATER FOR PEOPLE

**79 na proyekto sa emergency relief**

**37 proyektong pang-emergency na nakatuon sa pagtulong sa mga taong nawalan ng tirahan**

**242 proyektong nakatuon sa pagtulong sa iba pang mahihinang populasyon**

### Gumagawa ng Kaibhan ang Psychological at Pisikal na Pangangalaga

Nang wasakin ng labanan ang kanyang bayan sa Ukraine, napilitan si Olga at ang kanyang pamilya na lisanin ang kanilang tahanan. Nagpahirap ang karanasang ito sa kalusugan ng pag-iisip at katawan ng pamilya, at wala silang pera para umupa ng apartment. Mabuti na lang, nakatanggap sila ng tulong sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng Physicians for Human Rights sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Sa pamamagitan ng proyektong ito, natanggap ni Olga ang kailangang medical at psychological na pangangalaga, at nagkaroon din ng kanlungan. "Lubos kaming nagpapasalamat sa lahat ng nagmamalasakit sa amin at tumutulong sa amin," sabi ni Olga.

### ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Alamin ang iba pa tungkol sa mga pangangailangan ng mahihinang populasyon sa inyong lugar.
- Aluin ang isang kaibigan o kapitbahay na maaaring dumaranas ng hamon sa kanyang buhay.
- Magboluntaryo para sa isang proyektong paglilinis ng komunidad.

# Europa

Noong 2023, ang mga aktibidad ng Simbahan sa pagkakawanggawa sa Europe ay higit na nakatuon sa pagtulong sa mga populasyong naapektuhan ng mga labanang sibil at kalamidad na dulot ng kalikasan, kung kailan marami ang mga nangailangan ng kanlungan at iba pang mga pangunahing bagay, gayundin ng pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip at katawan.

## Pagtugon sa Emergency

Kasunod ng pinsalang dulot ng malalakas na lindol noong Pebrero, nakipagtulungan ang Simbahan sa Disaster and Emergency Management Authority ng Türkiye at sa Ministry of Health para magbigay ng malawakang tulong sa mga nakaligtas. Bunga ng pagtutulungang ito, limang mobile hospital at 500 housing container ang itinayo, at ang pagkain, tubig, at mga hygiene supply ay inilaan para tulungan ang libu-libong indibiduwal at pamilya.

## Pagtulong sa Mahihinang Populasyon

Sa ilang lugar sa Europe, nakita noong 2023 ang pagdami ng mga taong nahihirapang manatili sa sarili nilang tirahan—dahil sa pakikipagtalo o kaya'y sa mga personal na hamon. Tinugunan ng Simbahan ng ilang proyekto ang paglutas sa kawalan ng tirahan, kabilang na ang isang proyekto sa Italy na kasama ang Progetto Arca para mamigay ng mga damit at pagkain sa mga nangangailangan. Kabilang dito ang isang mobile kitchen, na nagbigay-daan sa paghahain ng maiinit na mga pagkain sa mga indibiduwal na nangangailangan sa pitong lungsod.

## Kalusugan ng Pag-iisip at Katawan

Sa patuloy na labanan sa Ukraine, nag-alok ang Simbahan ng psychological first aid at emosyonal na pangangalaga sa mga indibiduwal na naapektuhan ng karahasan at pagkawala ng tirahan. Nagsaayos din ang mga boluntaryo ng Simbahan sa Portugal ng mga awareness ribbon bilang pagsuporta sa breast cancer research. At sa Russia, nag-donate ng mga device ang Simbahan para tulungan ang mga batang may kapansanan sa paningin at pagsasalita.





***Kaliwa:*** *Tumanggap ng emosyonal na suporta ang isang grupo ng mga refugee na taga-Ukraine mula sa mga counselor. Larawan sa kagandahang-loob ng MEDU.* ***Kanan:*** *Naghintay sa pila ang mga indibiduwal na nawalan ng tirahan sa Rome para tumanggap ng pagkain at damit. Larawan sa kagandahang-loob ng Progetto Arca.*

# Ang Middle East

Noong 2023, nakipagtulungan ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa maraming international relief agency sa Gaza at Israel para maglaan ng pinansyal na resources para sa kritikal na pangangalagang medikal at sa kalusugan ng pag-iisip, bukod sa iba pang mga pangangailangan. Bukod pa rito, nagsikap ang Simbahan na tugunan ang iba't ibang pangangailangan sa buong Middle East, kabilang na ang pangangalaga sa kalusugan, trabaho, at tulong para sa mahihinang populasyon.

## Pangangalaga sa Kalusugan

Sa rehiyon ng Kurdistan sa Iraq, patuloy na sinuportahan ng Simbahan ang Nursing Midwifery and Development Center. Layon ng masigasig na inisyatibong ito na kasama ang mga organisasyon ng lokal na pamahalaan at komunidad na paghusayin ang pangangalaga sa kalusugan ng mga bagong silang na sanggol at ng mga ina sa pamamagitan ng pagbibigay ng training at suporta para sa mga nars at komadrona. Binibigyang-diin ng proyektong ito ang mahalagang papel na ginagampanan ng kababaihan sa pagpapalakas ng kanilang mga komunidad.

## Trabaho

Noong 2023, ipinagpatuloy ng Simbahan ang gawain nitong suportahan ang mga pagsisikap na makahanap ng trabaho sa Middle East. Halimbawa, nakipagtulungan ang Simbahan sa Young Women's Christian Association (YWCA) para tugunan ang mataas na bilang ng mga walang trabaho sa Jordan. Sa pamamagitan ng pagtutulungang ito, pinondohan ng Simbahan ang mga vocational training program na tumulong sa mga mamamayan ng Jordan, gayundin sa maraming mamamayan ng Syria sa bansa, para matuto sila ng pangangalakal at makahanap ng trabaho.

## Tulong para sa Mahihinang Populasyon

Ang pagkakawanggawa ng Simbahan sa Morocco ay nagkakaroon ng malaking epekto sa mga bahagi ng populasyon na madalas balewalain ng lipunan. Bukod sa iba pang mga pagsisikap noong 2023, naglaan ang Simbahan ng mga lugar para sa aktibidad sa labas at ng mga dormitoryo para sa Passerelle Autistic Center. Tinuturuan ng center na ito ng mga pangunahing skill ang mga kabataang may autism para mas makaasa sila sa sarili, gayundin ng mga espesyal na kasanayan sa pagsasaka, sports, musika, at sining. Ang mga pagsisikap na ito ay nagdaragdag sa kakayahang matanggap sa trabaho at mapahusay ang kalidad ng buhay para sa mga kabataang residente ng center.





*Nagtipon ang isang pamilya sa Pakistan sa isang kanlungan matapos silang mawalan ng tirahan dahil sa pagbaha. Larawan sa kagandahang-loob ng ShelterBox.*

**53 proyektong nakatuon sa pagtulong sa kababaihan at mga bata**

**25 proyekto sa pangangalaga sa kalusugan**

**78 proyekto sa pagtugon sa emergency**

### ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Mag-donate ng mga kumot para sa mga sanggol sa inyong lokal na ospital.
- Turuan ang mga bata sa inyong komunidad tungkol sa kalinisan at sanitasyon.
- Magboluntaryo sa isang resettlement center na sumusuporta sa mga indibiduwal na naghahanap ng kanlungan sa inyong komunidad.

### Pagrekober Pagkaraan ng Baha sa Pakistan

Nang malapit na ang mga baha sa nayon ni Ghulam sa Pakistan, nahirapan silang mag-asawa na iligtas ang anumang bagay sa kanilang tahanan. Nakahadlang din sa kanila ang kanyang pagbubuntis at kapansanan para maisalba ang kanilang mga alagang hayop, na siyang tanging pinagkakakitaan nila.

Nakipagtulungan ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa ShelterBox USA at Islamic Relief para bigyan ng mga cash grant si Ghulam at ang iba pang mga pamilyang naapektuhan ng mga baha. Dahil sa grant na ito, nagsisimula nang makabawi si Ghulam, bumibili ng pagkain, damit, at mga kambing para simulang muli ang negosyo ng kanilang pamilya.





***Kaliwa:** Nagkarga ang mga young men leader ng mga kahoy para tulungan ang mga indibiduwal na nakatira sa Native American Reservations sa Estados Unidos. **Kanan:** Naghanda ang mga boluntaryo ng isang kanlungan para sa mga walang tirahan sa California.*

**200 proyektong nakatuon sa pagtulong sa kababaihan at mga bata**

**170 proyekto sa kanlungan at tirahan**

**261 proyekto sa malinis na tubig at seguridad ng pagkain**

## ANO ANG MAGAGAWA KO?

- Magbahagi ng pagkain sa isang taong walang tirahan.
- Magtaguyod ng isang neighborhood food drive.
- Alamin ang iba pa tungkol sa mga pangangailangan ng kababaihan at mga bata sa inyong komunidad. Ikuwento ang mga natutuhan mo sa iyong mga kaibigan at pamilya.

# North America

Kabilang sa maraming proyektong pangkawanggawa na isinagawa sa North America noong 2023, gumawa ng malawakang pagsisikap ang Simbahan para tulungan ang mga indibiduwal na nawalan ng tirahan, walang makain, inabuso, at naapektuhan ng mga kalamidad na dulot ng kalikasan.


## Tirahan

Sa Canada, nag-donate ng pondo ang Simbahan sa Old Brewery Mission homeless shelter, isa sa pinakamatagal na sa bansa. Nakatulong ang kontribusyon na gawing makabago ang mga pasilidad at serbisyo sa kanlungan, na nagbibigay ng mas ligtas at mas malinis na kapaligiran at dagdag na privacy at dignidad para sa mga residente. Kakasya na ngayon sa inayos na kanlungan ang 197 na mga indibiduwal gabi-gabi.

Nakipagtulungan din ang Simbahan sa maraming organisasyon para magkaroon ng tirahan ang mga indibiduwal na naghahanap ng kanlungan o asylum. Kabilang sa mga organisasyong ito ang United States Conference of Catholic Bishops, ang International Rescue Committee, ang United States Committee for Refugees and Immigrants, at marami pang mga lokal na ahensya. Sa pakikipagtulungan sa isang lokal na ahensya, ang Al-Masbaah, tumulong ang Simbahan na bumili ng 500 mga foam mat at iba pang mga supply para sa mga refugee sa Sacramento, California, na natutulog sa sahig.

## Pagkain at Inumin

Sa Mexico, nakipagtulungan ang Simbahan sa Building Hope Foundation para mag-install ng dalawang rainwater catch system sa Pachuquilla, isang maliit na komunidad na may mga nasa 40 pamilya. Ang mga bagong system na ito, na kinabibilangan ng mga drain, filter, at storage tank, ay nagbigay sa mga pamilya ng access sa malinis na tubig at irigasyon para sa mga halamanan sa bakuran sa likod.







***Kaliwa:*** *Nagsilbi ng hapunan ang mga boluntaryo sa Old Brewery Mission sa Quebec.* ***Kanan:*** *Isang babae at ang kanyang sanggol sa The Chicago Citywide Community Baby Shower.*

Sa Estados Unidos, nag-donate ng pondo ang Simbahan sa Feeding America para tumulong sa pagbili ng mga pagkain para sa mga nangangailangan. Nag-donate din ang Simbahan ng daan-daang trak ng mga produkto sa mga network ng pangunahing food bank sa buong bansa.

Sa Canada, nag-donate ang Simbahan ng mga produkto mula sa mga bishops' storehouse sa organisasyong pangkawanggawa na Mustard Seed sa Alberta at nagbigay ng perang donasyon sa Fort Saskatchewan at mga Daily Bread food bank para tulungan silang palawakin ang kanilang kakayahang mamahagi.

## Kababaihan at mga Bata

Sa Estados Unidos, nagtaguyod ang Simbahan ng isang baby shower kasama ang Church of God in Christ para ikonekta ang mahigit 400 kababaihang buntis sa resources ng komunidad. Sa pag-asang mahadlangan ang pagkamatay ng mga Black na ina sa South Chicago, nakikipagtulungan din ang Simbahan sa Melanated Midwives para maragdagan ang doula training at ikonekta ang mga inang maaaring manganib sa kritikal na serbisyong medikal.

Nagsagawa rin ng mga proyekto para protektahan ang kababaihan at mga bata laban sa pang-aabuso at karahasan sa tahanan. Sa YWCA SafeChoice Domestic Violence Shelter, nagbigay ang Simbahan ng mga gamit sa bahay, gamit sa pagtulog, gamit sa kusina, air conditioning at iba pa para maragdagan ang kakayahan ng kanlungan na tulungan ang kababaihang nangangailangan. Dahil sa mga donasyon at pagsasaayos, mapaglilingkuran na ng kanlungan ang mahigit 400 mga indibiduwal sa darating na mga taon.

### Pagdaig sa Kawalan ng Tirahan at Pagganti

Nakibaka si Nneka, isang babae mula sa California, sa adiksyon nang palayasin siya sa kanyang apartment kasama ang kanyang anak at mga apo. Sa paghahanap ng bagong tirahan, sinabi niya, "Humingi ako ng tulong sa lahat ng dako, pero walang tumulong sa amin. Sa huli, sumagot ng oo ang Bay Area Rescue Mission."[16]

Nakipagtulungan ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Bay Area Rescue Mission, sa paglalaan sa mga indibiduwal na tulad ni Nneka ng pansamantalang kanlungan at suportang kailangan nila para malagpasan ang mga hamon at makapagsimulang muli. Sa tulong na ito, sinabi ni Nneka na napaglabanan niya ang kanyang adiksyon, nagbalik ang kanyang tuon sa buhay, at gumanti pa sa pamamagitan ng pagtulong sa iba pang kababaihan at mga bata.

*"Ang inyong mga taos-pusong kontribusyon ay nakagawa ng malaking kaibhan sa buhay [ng kababaihan at mga bata]."*

—STEPHANIE SEWELL,
VICE PRESIDENT NG DEVELOPMENT, BAY AREA RESCUE MISSION

## Salamat Po

Gusto naming pasalamatan ang mga miyembro at kaibigan ng Simbahan na nakilahok sa napakaraming paraan sa gawaing pangalagaan ang mga nangangailangan nitong nakaraang taon. Hindi magiging posible ang gawaing ito kung wala ang inyong habag at pagiging bukas-palad sa mga taong dumaranas ng paghihirap sa buong mundo. Nagpapasalamat kami sa lahat ng patuloy na naghahanap ng mga paraan para matulungan ang kanilang kapwa.

Salamat sa lahat ng donasyon, pagboboluntaryo ng oras, at mga panalangin na nakaragdag sa gawaing ito. Maging ang pinakamaliliit na pagsisikap, kapag sinamahan ng mga kontribusyon ng iba, ay maaaring makagawa ng pambihirang kabutihan. Umaasa kami na nabiyayaan kayo ng inyong paglilingkod ng dagdag na kapayapaan, mas maningning na pag-asa para sa hinaharap, at higit na pag-ibig sa kapwa para sa lahat ng mga anak ng Diyos sa buong mundo.



## Resources para Malaman ang Iba pa

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa aming pagkakawanggawa sa buong mundo at kung paano makibahagi sa inyong komunidad, i-follow kami sa:

Facebook:
@Caring.ChurchofJesusChrist
@DeseretIndustriesThrift
@JustServe.org

Instagram:
@Caring.ChurchofJesusChrist
@DeseretIndustries
@Just_Serve

Alamin ang iba pa tungkol sa tapat na pangako ng Simbahan na mangalaga sa Caring.ChurchofJesusChrist.org.

Gamitin ang code sa kaliwa para i-download ang JustServe app at magsimula sa isang lokal na proyekto sa paglilingkod sa inyong lugar.

## Para malaman ang iba pa, i-follow kami sa:

ChurchofJesusChrist.org | Caring.ChurchofJesusChrist.org| JustServe.org | DeseretIndustries.org | AddictionRecovery.ChurchofJesusChrist.org

# Mga Reperensya


1. Patrick Kearon, sa "A Conversation with Elder Patrick Kearon" (video), Newsroom, Dis. 8, 2023, https://newsroom.churchofjesuschrist.org/article/elder-patrick-kearon-called-quorum-of-the-twelve-apostles.
2. Camille N. Johnson, sa "The Church of Jesus Christ Launches Global Effort to Nourish Children and Mothers," Newsroom, Nob. 9, 2023, https://newsroom.churchofjesuschrist.org/article/the-church-of-jesus-christ-launches-global-effort-to-nourish-children-and-mothers-relief-society.
3. Kristin M. Yee, sa "Thematic Session—SDG 1 No Poverty" ("Why It Matters": The 1st International Academic Conference on the Sustainable Development Goals, Okt. 6, 2022).
4. Gerrit W. Gong, "Dito ay May Pag-ibig," Liahona, Nob. 2023, 112.
5. Preston Dean, sa "Service Missionaries Help People Come to Christ," Newsroom, Mar. 24, 2023, newsroom.churchofjesuschrist.org/
article/church-service-missionaries.
6. Gérald Caussé, "The Blessings Will Follow: Benefits of Implementing JustServe" (video), ChurchofJesusChrist.org/study/video/justserve-videos/2020-10-0100-the-blessings-will-follow-benefits-of-implementing-just-serve-1080p.
7. Henry B. Eyring, "Inspiradong Pagmiministeryo," Ensign o Liahona, Mayo 2018, 64.
8. Dallin H. Oaks, "Pagtulong sa mga Maralita at Naghihirap," Liahona, Nob. 2022, 6.
9. Jorge Arnez, sa "'Now We Just Open the Tap'—Bolivian Community Finally Gets Water Through Church's Help," Newsroom, Ago. 16, 2023, newsroom.churchofjesuschrist.org/article/now-we-just-open-the-tap-bolivian-community-finally-gets-water-through-churchs-help.
10. W. Christopher Waddell, sa "Recent $37 million in Church donations come after a year of unprecedented giving and service," Church News, Set. 28, 2022, thechurchnews.com/global/2022/9/28/23365257/humanitarian-donations-giving-aid-emergency-response-welfare-service-justserve.
11. Russell M. Nelson, "Ngayon ang Panahon," Liahona, Mayo 2022, 126.
12. L. Todd Budge, "The Divine Gift of Creation: Our Sacred Duty to Care for the Earth," Newsroom, newsroom.churchofjesuschrist.org/article/bishop-l-todd-budge-sacred-duty-care-for-earth.
13. Camille N. Johnson, sa "Church Gives $32 million to World Food Programme in Largest One-Time Donation to Date," Church News, Set. 14, 2022, thechurchnews.com/global/2022/9/14/23353487/church-gives-32-million-dollars-to-world-food-programme-largest-one-time-donation-to-date.
14. J. Anette Dennis, Facebook, Hun. 20, 2023, facebook.com/RS1stCounselor.
15. Shirly C., sa "Church Donation Provides Mobility and Independence to Guatemalans," Newsroom, Peb. 7, 2023, newsroom.churchofjesuschrist.org/article/church-donation-provides-mobility-and-independence-to-guatemalans.
16. Nneka, "The Prodigal Grandmother," Bay Area HOPE: A Publication of the Bay Area Rescue Mission (Summer 2023), Summer 2023, 2.
17. Russell M. Nelson, "Ang Ikalawang Dakilang Kautusan," Ensign o Liahona, Nob. 2019, 97.
18. Susan H. Porter, sa "Presidents Johnson and Porter Meet with Government Leaders on Women's Issues in South America," Newsroom, Set. 23, 2022, newsroom.ChurchofJesusChrist.org/article/presidents-johnson-and-porter-meet-with-governmentleaders-on-womens-issues-in-south-america.


---

"Maraming beses, ang ginagawa natin ay hindi nakikita o nalalaman ng iba. Gayunman, alam ng Diy°os, at pinagpapala Niya tayo kapag naglilingkod tayo sa tahimik at lihim na mga paraan."

—PANGULONG JOY D. JONES, PRIMARY GENERAL PRESIDENT

*“Sila na nahahandang tawaging mga tao ng Panginoon ay ‘nahahandang magpasan ng pasanin ng isa’t isa, … makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati; … at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw.’”*

—PANGULONG RUSSELL M. NELSON
PANGULO NG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW[17]

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 8/23. Pagsasalin ng *Caring for Those in Need 2023 Summary*. Tagalog. PD80022140 893. Inilimbag sa Pilipinas